ANG Bayan

# IPAGBUNYI ANG IKA-30 ANIBERSARYO NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

*NI **ARMANDO LIWANAG***
*TAGAPANGULO, KOMITE SENTRAL*
*PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS*
*DISYEMBRE 26, 1998*

Labis-labis ang kaligayahang ipinagbubunyi at ipinagdiriwang natin ang ika-30 anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, bilang sulong na destakamento ng uring anakpawis, sa gabay ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, noong Disyembre 26, 1968.

Mula noon, sa pamumuno ng Partido, ang sambayanang Pilipino ay nagkamit ng maniningning na tagumpay sa bagong demokratikong rebolusyon laban sa naghaharing sistema ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupang naglilingkod sa imperyalismong US.

Ang ating mga tagumpay ay naipagwagi sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka, puspusang paggawa at mga sakripisyo. Dahil dito, tayo ay nagpupugay at nagpaparangal sa ating mga rebolusyonaryong martir, mga kadre at kasapi ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma, mga kagawad ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, mga militanteng kasapi ng mga organisasyong masa, lahat ng alyado sa nagkakaisang prente at sa malawak na masa ng sambayanan.

Muling itinatag ang Partido, tatlumpung taon na ang nakararaan, na mayroon lamang ilampung ganap at kandidatong kasapi na nakakonsentra sa dalawang rehiyon sa bansa. Ngayon, mayroon na itong ilampung libong kasapi na malalim na nakaugat sa mga manggagawa at mga magsasaka sa pambansang saklaw. Matatagpuan ito sa mahigit 60 probinsya, daan-daang mga munisipalidad at mga lunsod at sa libu-libong baryo. Nakapagpalakas at sumulong ito sa pamamagitan ng maigting na rebolusyonaryong pakikibaka.

Mayroon lamang ilandaang sulong na masang aktibista sa mga unyon, mga samahang magsasaka at sa kilusang kabataan noong 1968. Ngayon, sila'y laksa-laksa na't sumusuporta sa mga kadre at kasapi ng Partido sa pamumuno sa malawak na hanay ng mga hayag at lihim na organisasyong masa na may kabuuang kasapiang umaabot sa daan-daang libo.

Nang itatag ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969, mayroon lamang itong 60 Pulang mandirigma, na naaarmasan lamang ng siyam na ripleng awtomatik at 26 na mahihinang sandata. Ang baseng masa sa kanayunan ay binubuo ng may 80,000 magsasaka sa isang distrito ng isang probinsya.

Sa kasalukuyan, mayroon nang libu-libong Pulang mandirigma ang BHB na katumbas ng ilang rehimento. Kumikilos ito sa 60 larangang gerilyang sumasaklaw sa makabuluhang bahagi ng 15 rehiyon ng bansa. Armado ito ng mga sandatang nasamsam mula sa kaaway. Pinupunuan ito ng ilampung libong kalalakihan at kababaihang nasa mga milisya at yunit sa pagtatanggol sa sarili. Bumibilang ang baseng masa nito ng ilang milyong katao, pangunahin mula sa kanayunan.

Kasalukuyan nang naghihingalo ang lokal na malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema at ang pandaigdigang sistemang kapitalista bunga ng walang-kaparis na krisis. Dahil sa kilusang pagwawasto, ang Partido ay nasa matibay na pusisyon para samantalahin ang krisis. Ibayo itong nagpupunyagi upang imulat, organisahin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan para sa rebolusyonaryong mithiin, para sa kanilang pambansa at panlipunang paglaya mula sa pang-aapi at pagsasamantala.

Sa nakaraang 30 taon, napatunayan ng Partido sa buong daigdig na posible at kailangang maglunsad ng matagalang digmang bayan sa isang malakolonyal at malapyudal na bayan, na isang mahalagang tuntungan ng imperyalismong US sa Asya. Tiwala tayo na maaaring sumibol ang digmang bayan sa mga bansang dumaranas ng matinding krisis sa ekonomya at lipunan na nagpapahirap at sumisiil sa maraming bansa sa daigdig.

Laging determinado ang Partido Komunista ng Pilipinas na itaguyod, ipagtanggol at isulong ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at ilunsad ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, bilang isang proletaryong internasyunalistang tungkulin. Lagi tayong umaasa na sa paglulunsad ng armadong rebolusyon sa Pilipinas, makatutulong tayo sa muling pagsulong ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista. Nakatitiyak tayo na paiigtingin ng proletaryado ng daigdig at ng aping mga mamamayan ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka.

## I. Walang-kaparis na Krisis at Kaguluhan sa Daigdig

Hindi pa gaanong nagtatagal, nang ang Unyong Sobyet at ang mga rebisyunistang rehimen ay nalansag at nagbigay-daan sa lantarang kapitalismo, nang buong kagalakang ipinroklama ng mga imperyalista, mga lokal na reaksyunaryo at taksil ang kawalang-tinag ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang kawalang-saysay ng armadong rebolusyon at sosyalismo at ang posibilidad na maitayo ang lipunang sibil sa pamamagitan ng repormismo sa ilalim ng mga imperyalista at kliyenteng estado .

Muling ginagamit ng mga imperyalista ang lipas nang lenggwahe ng kapitalismong *laissez-faire* para gatungan ang kasakiman ng monopolyong kapitalismo. Sa kasalukuyan, ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa krisis na wala pang kapantay magmula noong Malaking Depresyon. Muling pinatutunayan ng modernong imperyalismo na ito nga ang pinakamataas at huling yugto ng pag-unlad ng kapitalismo: ito’y parasitiko, mapangwasak at naghihingalo na.

Nasa ugat ng krisis ng monopolyong kapitalismo ang pagpapabilis ng paghuthot ng tubo mula sa proletaryado at mamamayan, ang rumaragasang konsentrasyon at sentralisasyon sa kamay ng mga monopolyong kapitalista ng kapital sa produksyon at pinansya, ang pagpapababa ng sahod at mga kundisyon

sa pamumuhay upang labanan ang bumabagsak na tantos ng tubo at ang pagkitid ng pandaigdigang pamilihan, at ang krisis ng sobrang produksyon.

Ang tumataas na katangiang panlipunan ng produksyon na dala ng paggamit ng mataas na teknolohiyang nakakonsentra sa mga imperyalistang bansa ay ibayo pa ang kontradiksyon sa monopolyong kapitalistang moda ng pag-angkin sa halagang nililikha ng mga anakpawis. Subalit ginagamit pa ng monopolyong burgesya ang pangangatwiran at mga islogan ng kapitalismong *laissez-faire* at globalisasyon ng “malayang pamilihan” upang lalong pahigpitin ang lipas nang mga kapitalistang relasyon sa produksyon.

Sa pag-iwan nito sa makalipunang mga pagpapanggap ng maka-Keynes na patakaran sa ekonomya at sa pagpapairal ng “neoliberal” na patakaran sa ekonomya simula noong unang bahagi ng dekada ’80, ang monopolyong burgesya ay nagtuturing sa kanyang kapital bilang mapanlikhang salik sa paglawak ng produksyon, at nagbubunton ng sisi sa diumanong pagtaas ng antas ng sahod at panlipunang gastos ng gubyerno bilang dahilan ng istagnasyon at implasyon.

Samakatwid, sa buong daigdig, ginagamit ng monopolyong burgesya ang mga imperyalista at mga kliyenteng estado nito at ang mga ahensyang multilateral tulad ng IMF, World Bank at WTO (dating GATT) upang ibaba ang sahod at antas ng pamumuhay at paliitin ang gastos panlipunan; at upang pabilisin ang pagpapalaki ng pribadong monopolyong kapital, sa pamamagitan ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan.

Pinupulaan ng mga imperyalista at ng kanilang mga burukratikong ahente at propagandista ang mga gastos para sa kagalingang panlipunan ngunit ipinagbubunyi nila ang pagbabawas sa buwis at pagbibigay ng mga ari-arian at pondo publiko sa mga pribadong kumpanyang monopolyo. Minamasama nila ang gastos panlipunan subalit ipinagbubunyi ang dambuhalang gastos sa militar. Binabatikos nila ang panghihimasok ng estado sa ekonomya kapag gumagamit ang isang estadong anti-imperyalista o sosyalista ng rekursong publiko para paunlarin ang industriya, ngunit ipinagbubunyi ang pagbibigay ng estado ng mga subsidyo, mga kontrata at mga pansalbang ayuda sa mga pribadong monopolyong kapitalista.

Kaugnay ng lalong bumibilis na konsentrasyon ng kapital na produktibo at pinansyal sa kamay ng monopolyong burgesya, litaw ang mga pangyayaring tulad ng sumusunod: ang walang kaparis na labis na pagtasa o pagpapalobo ng halaga ng mga pribadong ari-arian sa pamamagitan ng mga maniobra ng kapital sa pinansya, ang pagtaas ng antas ng palagiang malawakang disempleyo, ang pagbulusok ng kita, ang walang-awang panunupil sa mga karapatan ng mga anakpawis at ang palagiang sobrang produksyon ng lahat ng klase ng kalakal kumpara sa kumikitid na pamilihan.

“Globalisasyon” ang terminong ginagamit ng mga imperyalista upang palabuin ang eksakto at siyentipikong terminong imperyalismo, na nilinaw ni Lenin. Maling-mali ang terminong ito, isang muling pagbuhay sa ultra-imperyalismo ni Kautsky, kapag ginagamit ito upang ipahiwatig na ang monopolyong burgesya ay nagpapalaganap ng produktibong kapital sa papalawak na saklaw upang itaguyod ang pag-unlad sa ekonomya at hanapbuhay at ang paglago ng proletaryadong industriyal sa mga bansang atrasado.

Bago naganap ang malawakang pagtalilis ng kapital mula sa sinasabing sumisibol na mga pamilihan, mahigit 80% ng daloy ng direktang pamumuhunan sa buong mundo ay nakatuon sa US, Kanlurang Europa at Japan. Mahigit sangkatlo ng kulang sa 20% na dumadaloy sa 10 mga “sumisibol na pamilihan” ang napunta

sa Tsina, partikular sa mga sonang nasa silangang baybayin nito. Ang tatlong pandaigdigang sentro ng kapitalismo at ang Tsina ang nakakuha ng mahigit 90% ng direktang pamumuhunang dumaloy sa buong mundo.

Ang United States ang pinakamalakas na pandaigdigang sentro ng kapitalismo; kumakabig ito ng pamumuhunan mula sa Japan at sa European Union dahil sa relatibong mas mataas na tantos ng tubo at interes. Nagagamit ng US ang pangunguna nito sa mataas na teknolohiya at ang kapangyarihan nito sa pinansya, gayundin ang pampulitikang kapangyarihan nito upang itulak ang sariling mga eksport at pahigpitin ang kontrol sa langis at iba pang mga estratehikong rekurso.

Subalit nagpapatuloy at lumalala ang mga batayang kahinaan ng ekonomya ng US, gaya ng patung-patong na depisit sa kalakalan nito at papataas na pambansang utang; at ang maramihang pagbabawas sa mga manggagawang may regular at permanenteng hanapbuhay, kapalit ng mga manggagawang pansamantala at partaym, laluna sa sektor ng serbisyo. Kung naging matagumpay man ang US sa pagtutulak ng eksport nito, ito'y sa kapinsalaan naman ng mga alyado nito sa hanay ng imperyalista at mga kliyenteng estado.

Gayunpaman, ang pagguho sa ekonomya at pinansya ng mga "sumisibol na pamilihan" ay nakasama sa ekonomya ng US. Ang pagkalat ng krisis mula Silangang Asya patungong Rusya na tumuloy pa sa Amerika Latina, laluna sa Brazil, ay nakababawas sa mga produktong eksport ng US, nakapagpaparami sa mga murang import sa US, nagpapaliit sa tantos ng tubo, nagbubunga ng mga luging utang at mga pagkabangkrap, at nagpapaigting ng kumpetisyon sa mga alyado nitong imperyalista.

Pinakamalubhang tinamaan ang Japan ng kapitalistang krisis ng sobrang produksyon at ng malakihang pakikipagkumpetisyon sa mga imperyalistang alyado nito. Mula nang pumutok ang bula noong maagang bahagi ng dekada '90, ang lokal na ekonomya nito ay nasadlak na sa istagnasyon. Tatlong taon nang negatibo ang tantos ng paglago nito. Sa lubha ng krisis nito, napatunayang inutil ang maka-Keynes na pagpapasikad ng ekonomya *(pump-priming)* sa pamamagitan ng gastos sa obras publikas mula pa noong maagang bahagi ng dekada '90.

Lumalala ang problema nito sa disempleyo at pagkabawas ng lokal na konsumo. Patuloy ding lumalaki ang kontradiksyon sa pagitan ng lokal na ekonomya nito at ng mga planta nito sa ibayong dagat na nasa US at Silangang Asya. Sa loob ng bansa, hindi pa nakaaahon ang Japan mula sa mga suliranin nito hinggil sa mga luging pautang. Pinalala pa ito ng mga luging pautang sa mga "sumisibol na pamilihan" sa Silangang Asya. Napilitan itong tumangan ng malaking halaga ng bono ng US para kontrolin ang halaga ng yen at itaguyod ang mga eksport nito sa kumikitid na pandaigdigang pamilihan.

Matindi ring tinamaan ang European Union (EU) ng kapitalistang krisis ng sobrang produksyon at ng malakihang pakikipagkumpetensya sa mga imperyalistang alyado nito. Palagiang mataas ang tantos ng disempleyo dito, na nasa pagitan ng 11-12%. Sinadya ng mga bansa sa EU na pakitirin ang kanilang mga lokal na pamilihan sa pamamagitan ng pagbabawas sa gastos na panlipunan gaya ng idinidikta ng namamayaning patakarang "neoliberal" at ng kapasyahang hindi lumabag sa itinakdang hangganan ng paggastang lampas sa kita bilang paghahanda sa paglulunsad ng Euro.

Sa Silangang Asya at iba pang dako ng mundo, mas mahigpit ang kumpetisyong kinakaharap ng mga eksport ng European Union mula sa US at Japan. Natural na

pinakaabot ng European Union ang pamilihan ng Rusya at Silangang Europa. Subalit ang mga lugar na ito, na bagong pinamumugaran ng walang habas na kapitalismo, ay isang papakitid na klase ng pamilihan at kumunoy ng mga paluging pautang dahil sa walang-tigil na pagkawasak ng industriya at agrikultura at ng walang-kontrol na pagnanakaw ng kriminal na bagong burgesya.

Sa kalakaran ng patakarang "neoliberal", ang pambansang tantos ng paglago at tubo sa lahat ng bansa ng OECD ay bumabagsak. Sa katunayan, mayroon ngayong pandaigdigang depresyon. Ang paggamit ng mga kumpanyang monopolyo sa mataas na teknolohiya para magkamal ng tubo ay tumungo sa malawakang tanggalan (*downsizing)* at palagiang malawakang disempleyo, pagkitid ng pamilihan at krisis ng sobrang produksyon, pagbaba ng tantos ng tubo at mga pagkabangkrap. Dumadalas ang mga pagsasanib ng korporasyon upang maramihang kitlin ang mga trabaho, bawasan ang gastos sa pagbabagong-istruktura, pananaliksik at pagpapaunlad at para mapataas ang tubo.

Napakalubha ng krisis sa tunay na ekonomya kung kaya't ang buong monopolyong burgesya ay di na makapagyabang pa na tumataas ang produksyon sa pamamagitan ng labis na pagtasa sa halaga ng mga ari-arian at serbisyo at sa pamamagitan ng pagpapalawak sa pautang. Mismong ang kapitalismo sa pinansya ang lantad na suliraning pabigat sa tunay na ekonomya. Noong nakaraang dalawang taon, ilang ulit na bumulusok nang matarik ang pamilihan ng stocks at bumagsak ang mga institusyon sa pinansya sa mga imperyalistang bansa kasunod ng mga pagkatunaw ng pamilihan sa salapi at stocks sa mga "sumisibol na pamilihan". Ginamit ang pakikialam ng estado at pondong publiko para sagipin ang mga bangko at hedge funds.

Dumarami ang mga palatandaan ng tunggalian ng uri sa mga imperyalistang bansa gaya ng mga welga sa mga napakahalagang industriya, mga pangkalahatang welga at mga popular na protesta sa harap ng pagtaas ng tantos ng pagsasamantala at mga hirap sa trabaho ng mga may hanapbuhay, ng talamak na malawakang disempleyo, pagpapababa ng sahod at pagbabawas sa mga benepisyo at serbisyong panlipunan. Ngunit ang pangkalahatang antas ng pagtutol ng proletaryado at ng mamamayan sa mga imperyalistang bansa ay nananatiling limitado dahil sa kawalan ng malakas na mga partidong Marxista-Leninista.

Sa United States, tumitindi ang disgusto sa sistemang pampulitika at patunay dito ang mga welga at mga protesta laban sa malawakang tanggalan sa trabaho at laban sa pagsalba ng estado sa mga empresang monopolyo, ang mababang bilang ng bumoboto sa mga eleksyon at ang mga pagsiklab ng anarkismo. Ngunit patuloy na nananaig ang tambalang-paghahari (*duopoly*) ng mga Demokrata at mga Republikano pati na ang impluwensya ng aristokrasya sa paggawa sa hanay ng matagal nang lumiit na kilusang unyon.

Sa European Union, ang proletaryado at mamamayan ay nakapaglunsad ng di hamak na mas matataas na antas ng pagtutol kaysa sa kanilang mga katumbas sa United States. Nagkaroon ng mga malakihang welga at malawakang protesta. Subalit ang mga konserbatibo, sosyal-demokratiko, rebisyunista at mga partidong burges-embayronmentalista ay nagpapaligsahan at nagsasanib upang magpatupad ng mga repormang "neoliberal". Ang aristokrasya sa paggawa, na inalagaan ng mga sinaunang konserbatibo at mga sosyal-demokrata ay nakaluklok pa rin sa pwesto. Gayunpaman, paparaming manggagawa ang naglulunsad ng mga welga nang hindi na dumadaan sa aristokrasya sa paggawa. Kaalinsabay, ipinapakita ng mga pormasyong pasista at rasista ang kanilang pangit na mukha.

Sa Japan, nakaambang sumambulat ang mga walang-kaparis na welga ng mga manggagawa at mga malawakang protesta ng proletaryado at mamamayan. Dahil sa kawalan ng trabaho at pagliit ng kita, napipilitan silang gastusin ang ipinagmamalaking sariling impok. Namamalas sa mga lansangan ang pagdami ng mga walang-matirhan. Ibayong nawawala ang kumpyansa ng mga manggagawa sa Partidong Liberal Demokratiko at iba pang burges na mga partido at sa malalaking reaksyunaryong pederasyon sa paggawa na pinatatakbo ng mga aristokrata sa paggawa.

Ang pasiklab hinggil sa "globalisasyon" ay nagpalabo sa napakalinaw na katotohanan na ang malaking mayorya ng mga bansa sa daigdig ay nasasadlak sa ibayong pagkaatrasado, pagdarahop at nakaliligis na pasaning-utang. Nakapagbubuklod-buklod ang mga imperyalista laban sa aping mamamayan at nakapagpapataw ng kanilang mga patakaran sa mga kliyenteng estado para pagsamantalahan ang murang paggawa, ibaba ang presyo ng mga hilaw na materyales at pumiga ng superganansya mula sa pag-eeksport ng mga labis na produkto at labis na kapital. Subalit ang kinalalabasa'y pinaliliit din nila ang pandaigdigang pamilihan.

Una, ang mayorya ng mga bansang nakaranas ng sobrang produksyon ng mga hilaw na materyales mula pa noong huling bahagi ng dekada '70 ay hindi pa nakababangon sa krisis at depresyon. Ikalawa, ang mga bansang dating nakapagtayo ng ilang batayang industriya dulot ng sosyalismo (Rusya, Silangang Europa at Tsina) o bunga ng nasyunalismong burges (India, Brazil, Egypt at iba pa) ay patuloy at ibayong nasasadlak sa kumpradorisasyon at de-industriyalisasyon. At, ikatlo, bagsak ang ekonomya at pinansya ng ilang "sumisibol na pamilihan" (na may sari-saring espesyalidad sa eksport gaya ng bahagyang-naprosesong mga produkto ng Tsina at Timog-Silangang Asya, ang mga produktong may mas mataas na halagang-dagdag ng Timog Korea, Taiwan at Brazil at ang langis at gas ng Rusya).

Dahil sa malawakang pagkawasak ng mga pambansang ekonomya, nakakaya ng mga imperyalista na angkinin ang mga yaman ng bansa at mga linya ng negosyo at balewalain ang pambansang soberanya ng napakaraming bansa. Subalit ang inaangkin lamang ng mga imperyalista ay ang mga pinakakapaki-pakinabang na ari-arian at wala silang anupamang intensyon na iangat ang mahihirap o atrasadong bansa, sa antas ng balansyadong kaunlaran. Sinasabi mismo ng mga imperyalista na mangangailangan ng mahabang panahon bago tumigil sa paglubog ang mga "sumisibol na pamilihan".

Ang pangunahing kontradiksyon ngayon ay sa pagitan ng mga imperyalista at mga aping mamamayan. Ipinapasa ng mga imperyalista ang bigat ng krisis sa mga aping mamamayan, nagkukumahog na pumiga ng mas malalaki pang superganansya at walang tigil na nanghihimasok, nang-uupat ng mga digmaang rehiyunal at lokal at naglulunsad ng mga digmang agresyon.

Laganap ang kontrarebolusyonaryong karahasan sa kasalukuyan. Tinutustusan ng armas ng mga imperyalistang pinangungunahan ng United States ang mga reaksyunaryong estado at itinutulak sila na supilin ang mamamayan. Nang-uupat din sila ng gera sa mga reaksyunaryong paksyon sa maraming bansa at nanghihimasok sa ngalan ng kapayapaan, pagkamakatao o pag-inspeksyon ng mga armas para makapagpalakas at makalikha ng mga kaayusang pabor sa kanila.

Napahigpit ng imperyalismong US ang kanyang kontrol sa Gitnang Silangan at sa yamang langis nito, sa pamamagitan ng paglulunsad ng panibagong digmang agresyon laban sa Iraq, pagpapataw ng kaparusahan sa ekonomya *(economic sanctions)* laban dito at walang tigil na paniniil dito. Nakuha nito ang

pinakabentaheng mga pusisyon sa Balkan at Mediterranean, sa pamamagitan ng pang-uupat ng gerang lokal sa Bosnia at iba pang bahagi ng dating Yugoslavia, gaya ng sa Kosovo ngayon. Binublokeyo at ginigipit nito ang Cuba at ang Demokratikong Republika ng Korea. Nagbibigay ito ng proteksyong militar sa mga reaksyunaryo ng Taiwan at nang-uupat ng tensyon sa Timog-Silangang Asya kaugnay sa mga Isla ng Spratly.

Likas ang gera sa imperyalismo. Nang-uupat ng gerang pandaigdig ang US at iba pang mga imperyalista ng Kanluran sa pamamagitan ng mapanghamong pagpapalaki ng NATO at pagpapalawak nito malapit sa mga hangganan ng Rusya. Pinipilit din ng US ang Japan na maging aktibong katuwang sa pananakot at pananakop sa mamamayan ng Asya at umako ng mas mabibigat na pasaning militar sa ilalim ng bagong panuntunang panseguridad ng US at Japan upang biguin ang pagbabalik ng Taiwan sa Tsina at ang muling pagsasanib ng Korea.

Sa napakaraming bansa sa daigdig ngayon, mayroong kaguluhan sa pulitika bunga ng kalunus-lunos na kalagayan sa lipunan at ekonomya sa ilalim ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Sa mga bansang malaon nang binabayo ng krisis ng sobrang produksyon ng mga hilaw na materyales, mayroong mga rebolusyonaryong digmang bayang inilulunsad laban sa despotismo at sa pambansang pang-aapi, at mas marami pang marahas na labanan sa loob ng mga bansa sa pagitan ng mga reaksyunaryong paksyon na gumagamit ng mga islogan ng etnosentrismo at relihiyon upang mang-udyok ng napakalalaking masaker, laluna sa Aprika.

Ang pinakamahalaga sa lahat ay ang mga bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng mga matagalang digmang bayan laban sa mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo. Kabilang dito ang mga armadong rebolusyong pinamumunuan ng mga partidong Marxista-Leninista-Maoista sa India, Nepal, Peru, Pilipinas at Turkey. Sinasagot nito ang sentral na usapin ng rebolusyon, na pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika bilang saligan ng panlipunang rebolusyon.

Nagdulot ng malawakang pampulitikang ligalig at bagong kaguluhan sa daigdig ang pagkawasak ng mga produktibong pwersa sa Asya, Aprika, Amerika Latina at sa mga bansa sa dating blokeng Sobyet na dulot ng mga imperyalista at ng kanilang mga lokal na kasapakat. Kapag ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa mga malakolonyal at malapyudal na bansa ay nakapagsasariling lumaban para sa kanilang pambansa at panlipunang paglaya, di kalauna'y kakaharapin ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo ang isang malaking sunog sa malawak na saklaw na hindi nila maaapula at tutupok sa kanila.

Sa ngayon, umiigting ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista, subalit nakapananatili pa ang alyansang pinamumunuan ng US hangga't naipapasa pa nito ang bigat ng krisis sa mga inaaping bansa at mamamayan. Anu't anuman, kung saka-sakaling ang kumpetisyon sa ekonomya ng mga imperyalista ay tumungo sa isang marahas na muling paghahati ng mundo, ang proletaryado at ang aping mamamayan ay dapat maglunsad ng rebolusyonaryong digma upang pigilan ang imperyalistang gera o, kung hindi ito mapipigilan, ibaling ito sa isang rebolusyonaryong digma.

Sa pananaw ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang malubhang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagdudulot ng mga paborableng kundisyon sa paglulunsad ng bagong demokratikong rebolusyon. Buong tatag nitong pinamumunuan ang rebolusyon sa interes ng sambayanang Pilipino,

gayundin bilang suporta sa mamamayan ng ibang bansa upang isulong ang pandaigdigang proletaryong rebolusyong sosyalista.

Sa diwa ng proletaryong internasyunalismo, ang Partido ay nakapagpaunlad ng malapit na relasyong bilateral at multilateral sa mga partido komunista at mga partido ng mga manggagawa upang maitaas ang antas ng pagkakasundo, pagtutulungan at mutwal na pakikinabang. Nakapag-iinisyatiba at lumalahok ito sa bilateral na mga pulong, kumperensya at seminar upang makipagpalitan ng mga ideya at mga karanasan at linawin at palakasin ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo, rebisyunismo at reaksyon para sa sosyalismo at sa ultimong layunin nitong komunismo.

## II. Paglala ng Palagiang Krisis ng Naghaharing Sistema

Patuloy ang paglala ng palagiang krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema mula sa isang antas tungo sa isa pa sapul nang pagkalooban ng US ng huwad na kalayaan ang papet na republika ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa noong 1946. Sa gayon, naging higit na paborable ang obhetibong kundisyon para sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan upang kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang kawastuan ng linyang ito ay pinatutunayan ng katotohanang sa nakalipas na 30 taon, di lamang nakapagpanatili ng sarili ang Partido Komunista ng Pilipinas at iba pang rebolusyonaryong pwersa kundi nakapagpalakas pa at sumulong sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Kung walang digmang bayan, disin sana’y lubusang nawasak ng pasistang diktadurang Marcos ang Partido. Sa pagsusulong ng digmang bayan, lumakas ang Partido at naihanda nito ang pagbabagsak sa diktadura.

Nananatiling agraryo at malapyudal sa kalakhan ang ekonomya ng Pilipinas. Pinigilan ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo ang pagtatayo ng mga saligang industriya at pagsasakatuparan ng anumang tunay at puspusang reporma sa lupa. Kaya’t ang mga lunsod ay nananatiling nasa ilalim ng kapangyarihan ng malaking burgesyang kumprador at ang kanayunan sa ilalim ng uring panginoong maylupa.

Sa pana-panahon, may mga palamuting dagdag sa nagpapatuloy na kolonyal na palitan ng hilaw na materyales at mga yaring produkto mula sa ibayong-dagat. Ngunit walang saligang pagbabago sa kolonyal na padron ng lokal na produksyon at dayuhang kalakalan. Ang pagpasok ng dayuhang pondo para sa mga obras publikas, sa ilang tipo ng industriyang nakalutang at sa mararangyang gastos ng mga nagsasamantalang uri ay laging nagtatapos sa isang krisis pampinansya na higit na malala kaysa nakaraan. Lagi itong nagreresulta sa paglala at ibayong paglalim ng palagiang krisis sa ekonomya.

Mula 1946, sumasatsat ang papet na rehimen hinggil sa pagtatayo ng mga “bago at kinakailangang” industriya ngunit walang nangyaring higit sa muling pagbuhay sa produksyon ng hilaw na materyales at ilang manupakturang nakabatay sa agrikultura at gumagamit ng mga imported na kasangkapan. Ibinunga nito ang krisis sa pinansya ng 1949-51 dulot ng dambuhalang taunang depisit sa kalakalan at ng pagkasaid ng bayad ng US para sa mga pinsala sa digmaan.

Pinagtibay ang mga kontrol sa import at dayuhang salapi na pumapabor umano sa mga industriyang tinaguriang *import-substitution* noong dekada ’50 at ’60. Ang mga ito’y empresang muling-nagpapakete at muling-nag-aasembol lamang ng

mga produkto para sa lokal na pamilihan at nakasalalay sa mga dayuhang sangkap. Ang bunga'y ang krisis sa pinansya ng 1959-61. Tumungo ito sa patakarang dekontrol sa dayuhang salapi alinsunod sa dikta ng imperyalismong US. Bukod sa bilateral na pamamaraan ng US, pumasok pa ang IMF at World Bank upang magpataw ng mga patakaran sa ekonomya at lipunan sa ngalan ng multilateralismo.

Taun-taong lumala ang krisis sa ekonomya at pinansya noong dekada '60. Ngunit pinagtakpan ito ng mga dayuhang pautang para sa pagtatayo ng imprastruktura at mas marami pang gilingan ng niyog, tubo at hilaw na tanso. Sa kabila ng papalaking eksport ng hilaw na materyales, lumobo ang mga depisit sa kalakalan bunga ng mas mabilis na paglaki ng mga import na yaring kalakal. Sumunod ang krisis sa pinansya ng 1969-71. Pagsapit ng panahong ito, ang prontera, na noo'y ginagamit para sa paglilipat ng labis na populasyon, ay nasaid na.

Napapanahon ang muling pagtatatag ng Partido at hukbong bayan. Tumitindi na ang kawalang-kakayahan ng naghaharing sistema na makapaghari sa dating paraan. Pinakitid ng krisis sa ekonomya at lipunan ang mga oportunidad ng mga reaksyunaryo na maghati-hati sa pakinabang ng kapangyarihan. Parahas na nang parahas ang kanilang labanan sa pulitika.

Sinamantala ng naghaharing pangkating Marcos ang lumalalang krisis sa pamamagitan ng pagpapataw ng pasistang diktadura laban sa mamamayan at kanyang mga kaaway sa pulitika. Mula 1972 hanggang 1986, pinalaki ng pasistang rehimen ang dayuhang pautang mula US$2 bilyon hanggang US$26 bilyon para magtayo ng imprastruktura, magpundar ng malalaking empresa ng mga kroni na malaking kumprador, palakihin ang sandatahang lakas at tustusan ang karangyaaan ng mga uring mapagsamantala. Ibinunga nito ang krisis sa pinansya na nagsimula noong 1979, na naganap kaakibat ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon ng hilaw na materyales at pandaigdigang krisis sa pautang.

Niyanig ng krisis sa ekonomya at pinansya ang pundasyon ng pasistang rehimen, pinaigting ang kontradiksyon sa pagitan ng mga reaksyunaryo at ibayong pinasigla ang paglawak ng armadong kilusang rebolusyonaryo. Ang katapusang resulta nito ay ang krisis sa pulitika na nagpabagsak sa pasistang rehimen noong 1986. Pinalaki ng rehimeng US-Aquino ang dayuhang pautang hanggang sa umabot ito sa halos US$29 bilyon; bumaling din ang rehimen sa malakihang lokal na publikong pangungutang na, mula humigit-kumulang P200 bilyon noong 1986, ay umabot sa P550 bilyon noong 1992. Noong 1990-92, umabot sa walang kaparis na tindi ang krisis sa ekonomya at pinansya ng rehimen ng malaking kumprador-panginoong maylupa.

Tulad ng mga nauna sa kanya, masugid na ipinatupad ni Ramos ang patakaran ng pagsunod sa mga dikta ng mga imperyalista at mga ahensyang multilateral (IMF, World Bank at WTO), ang pagsalungat sa pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa at pagpapairal ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, ang pribatisasyon ng mga ari-ariang publiko at deregulasyon laban sa anakpawis at laban sa interes ng publiko. Ang "Philippines 2000" ni minsan ay hindi naging plano upang itayo ang isang "bagong nag-iindustriyalisang" bansa kundi gawing isang "sumisibol na pamilihan" ang Pilipinas .

Di pa napapantayan ang ginawang pagtataguyod ng rehimen sa tinaguriang manupakturang nakatuon sa eksport na may mataas na konsentrasyon ng paggawa at mababa ang halagang-dagdag (kasuotan, *semiconductor*, sapatos, mga laruan at katulad na industriya), sa biglang paglaki ng ispekulasyon sa *real estate*, sa paglawak ng telekomunikasyon at pag-eksport ng murang paggawa. Umakit ito

ng lubhang ispekulatibong puhunang *portfolio* at humikayat sa pribadong pangungutang sa loob ng mga empresang multinasyunal at sa pagitan ng huli at ng mga kumpanyang malaking kumprador. Upang tustusan ang lumalaking depisit sa kalakalan at bayad sa dayuhang utang, superbilis na pinalaki ng rehimen ang dayuhang pangungutang hanggang sa umabot ito sa US$50 bilyon (mahigit US$24 bilyon sa loob ng anim na taon) at lokal na publikong pangungutang hanggang P788 bilyon.

Sasampung porsyento lamang ang netong kita mula sa manupakturang nakatuon sa eksport kumpara sa 90% gastos sa imported na sangkap at ang masahol pa'y iniipit pa ito ng pandaigdigang sobrang produksyon. Itinayo ang mga gusaling pang-upisina at residensyal at mga *golf course* upang pigain ang mga bangko. Sinamantala ng lubhang ispekulatibong dayuhang puhunan ang bentaheng dulot ng malayang pagdaloy ng dayuhang kapital, upang agad na tumalilis sa harap ng mabilis na pag-impis ng dayuhang pananalapi ng bansa at kawalan ng kakayahang magbayad ng utang sa labas sa takdang panahon. Tulad ng iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya, nasadlak ang malapyudal na ekonomya ng Pilipinas sa di pa napapantayang krisis sa pinansya at ekonomya.

Ayon sa pinakapositibong pagtingin ng mga tagapagtayang imperyalista at papet, ang kasalukuyang krisis sa ekonomya at pinansya sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya ay tatagal pa nang dalawa o tatlong taon. Ngunit ang krisis ng sobrang produksyon sa manupakturang nakatuon sa eksport ay maaaring maging permanente na tulad ng krisis ng sobrang produksyon ng hilaw na materyales na umiiral na mula pa noong dekada '70. Ang Tsina, Timog-Silangang Asya at mga gaya-gaya sa manupakturang pang-eksport sa iba pang dako ng mundo ay malamang na sama-samang magpanatili ng krisis ng sobrang produksyon sa ganitong tipo ng produksyon.

Samantala, lulubha pa ang krisis at magiging bahagi ito ng pabulusok na ikid ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Iluluwal nito ang mga kundisyon upang ang mga Marxista-Leninista-Maoistang partido ay sumibol, makapagpalakas at maglunsad ng matagalang digmang bayan alinsunod sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa Timog-Silangang Asya at sa marami pang malakolonyal at malapyudal na bansa sa daigdig.

Bunga ng kasalukuyang krisis sa ekonomya at pinansya, mas madali para sa mga imperyalista na saklutin ang buong ekonomya, ang lahat ng likas-yaman at lahat ng tipo ng negosyo sa Pilipinas. Ngunit kahit pa may bagsak-presyong bentahan ng mga ari-arian sa mga nabangkaroteng bansa, ang kasalukuyang krisis ng sobrang produksyon sa lahat ng klase ng kalakal ay nakababawas sa gana ng mga imperyalista at humahadlang sa kanila na magpasok ng produktibong kapital para sa komprehensibo at balansyadong pag-unlad ng mga atrasadong bansa.

Inaamin sa publiko ng bagong luklok na rehimeng Estrada na bangkarote ang buong ekonomya at reaksyunaryong gubyerno. Ngunit walang-hunos-dili nitong itinutulak ang mga patakaran ng liberalisasyon sa pamumuhunan at kalakalan, deregulasyon at pribatisasyon at pagpapanatili sa ekonomya bilang tagaluwas ng mga hilaw na materyales, mga mala-manupakturang mababa ang halagang-dagdag at de-kontratang manggagawa, taga-angkat ng mga yaring produkto at tagalimos sa tuwina ng dayuhang pautang.

Niyuyurakan ng rehimeng Estrada ang pambansang soberanya ng Pilipinas at ibinebenta ang pambansang patrimonya. Inaalis nito ang lahat ng pambansang restriksyon sa dayuhang pamumuhunan at pinapayagan ang mga korporasyong multinasyunal na magtamasa ng 100 porsyentong pag-aari sa lupa at mga likas-

yaman, bangko, telekomunikasyon, masmidya at kalakalang-tingi . Ngunit pumapasok lamang ang mga korporasyong multinasyunal upang angkinin ang pinakakapaki-pakinabang na ari-arian at hadlangan ang komprehensibo at balansyadong pag-unlad ng isang ekonomyang umaasa-sa-sarili.

Binibigyang-katiyakan ang mga dayuhang monopolyong kapitalista na sila'y ituturing na parang mamamayan ng bansa , na hindi lilimitahan ang kanilang mga pag-aari, na magtatamasa sila ng kabawasan at paglibre sa buwis, ng malayang pagpapalit ng salapi, ng buong-layang pagkilos ng kapital at pagluluwas ng superganansya, na mababayaran ang dayuhang pautang, na mababawasan ang sahod at iiral ang mga kontra-unyong batas, na buong-laya silang makapagsasamantala sa kababaihan at mga bata, at makapandarambong at makapaninira sa kalikasan.

Pinabibilis ang pribatisasyon ng mga natitirang ari-ariang publiko. Bagsak-presyong binibili ng mga empresang multinasyunal at malaking kumprador ang mga kapaki-pakinabang na ari-arian ng estado sa mga pangunahing empresa sa pinansya, kalakalan at produksyon, sa mga pasilidad pampubliko at serbisyong panlipunan. Tulad sa panahon ng rehimeng Ramos, ang minsanang kita mula sa pribatisasyon ay nilulustay sa mga gastusin sa badyet.

Ibayong pinabibigat ang ipinapataw na buwis sa masang anakpawis at panggitnang saray sa lipunan, laluna sa anyo ng buwis sa personal na kita at buwis na di-tuwiran. Kasabay nito, ginagawa ng mga imperyalista at lokal na nagsasamantalang uri ang lahat ng paraan upang makatakas sa pagbabayad ng buwis. Ang rehimeng kumprador-burges ay naggagawad ng kapatawaran sa pinakamalalaking tumatakas sa pagbabayad ng buwis, tulad sa tampok na kaso ni Lucio Tan, isang dambuhalang kroni ni Estrada. Tiyak na ang koleksyon sa buwis ay kukulangin sa pagtustos sa korupsyon at mga di produktibong gastos ng reaksyunaryong gubyerno. Nakaambang palakihin ng rehimen ang lokal na pangungutang publiko upang punuan ang depisit sa badyet.

Patuloy pang lalaki ang depisit sa dayuhang kalakalan. Gayunpaman, maaaring lumiit ito sa pagbabawas ng importasyon ng mga sangkap para sa manupakturang nakatuon sa eksport dulot ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Pinalala ng malawakang tanggalan sa mga mala-impyernong pagawaan ang pangkalahatang suliranin ng disempleyo. Ang epekto ng krisis ay umaabot sa pagkabawas ng bilang ng mga dating may kakayahang bumili ng hulugang kotse at apartment. Ang buong ekonomya ay lugmok sa kanyang pundasyong malapyudal, sa pagsalig sa produksyon ng hilaw na materyales na pang-eksport at sa pagluluwas ng murang paggawa.

Ang malawakang disempleyo ay malala na dahil sa mga pagkabangkrap at pagbabawas ng produksyon. Yaong mga may hanapbuhay pa ay pinipilit tumanggap ng sahod na di na maaaring umentuhan o pagbawas kahit ng nominal na sahod at mas mahabang oras ng pagtatrabaho. Sa ilalim ng patakaran ng pleksibilidad sa paggawa, binabalewala ang seguridad sa trabaho at mga napagtagumpayang benepisyo. Pinapalitan ng mga manggagawang pansamantala at partaym ang mga regular. Sa gayo'y dinudurog ang mga unyon at hinahadlangan ang pagbubuo ng mga ito.

Biglaan ang pagbagsak ng kita ng anakpawis at ng panggitnang saray sa lipunan dahil sa debalwasyon ng piso at nagtataasang presyo ng mga saligang kalakal at serbisyong panlipunan. Ang implasyon sa presyo ng mga produktong pagkain ay bunga ng pagbagsak ng produksyong agrikultural at ng kasalatan. Ang pagtaas ng gastos sa importasyon at mas mataas na interes sa pautang ay nagbubunga ng implasyon sa presyo ng mga saligang produktong inaangkat.

Umiiral ang depresyon sa ekonomya ngunit ang tunguhing deplasyon o pagbagsak ng presyo ay nauukol lamang sa mga mataas-na-uring produktong pangkonsumo para sa mga mapagsamantalang uri.

Laganap ang ligalig sa lipunan kapwa sa kalunsuran at kanayunan dahil sa malaking pagbagsak ng produksyon, debalwasyon ng piso, implasyon at mabilis na paglaki ng malawakang disempleyo at pagbagsak ng kita. May sistematikong kampanya na pahinain, takutin at wasakin ang mga unyon at iba pang organisasyong masa. Ngunit isinusulong ng mga manggagawa ang mga welga at iba pang sama-samang pagkilos, lumalahok ang mga magsasaka kapwa sa armadong rebolusyonaryong kilusan at ligal na kilusang demokratiko at ang malawak na mamamayan ay nagsasagawa ng protestang masa at iba pang anyo ng paglaban.

Nangangarap ang rehimeng Estrada na ibaba ang interes sa pautang upang bigyang-sikad ang produksyon. Ngunit may malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga bansang imperyalista at malakolonyal sa usapin ng pagbababa ng interes sa pautang. Kapag binabaan ito, maeengganyo lamang ang malalaking empresa at bangkong multinasyunal at malalaking kumprador at burukrata na ipagpalit ang kanilang pisong lumiit ang halaga at ilabas sa bansa ang dayuhang salapi.

Tulad ng mga dating rehimen, ang rehimeng Estrada ay nangangarap na mapanatili ang sarili at makapagpatuloy ng operasyon sa pamamagitan ng panlilimos ng dayuhang pondo. Nagmamakaawa itong makakuha ng karagdagang pondong panaklolo mula sa IMF at World Bank at bahagi ng pondong pang-obras publikas na paketeng pampasikad ng Japan para sa Timog-Silangang Asya. Pinaplano nitong mag-isyu ng mga bono sa mga dayuhang pamilihan sa pinansya. Ngunit itinutulak ng mga imperyalista na bigyang prayoridad ang pagbebenta ng mga ari-ariang pampubliko.

Sa panahon ng krisis sa ekonomya at lipunan na di pa napapantayan mula pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ibinabalik ng rehimeng Estrada sa poder at pribilehiyo ang pinakakinasusuklamang mga reaksyunaryo sa lipunang Pilipino, ang pamilyang Marcos at ang pinakamasahol na mga alipures ng mga Marcos, tulad nina Eduardo Cojuangco at Lucio Tan. Ang presidente ay nagsisilbing koordineytor ng mga dambuhalang magnanakaw na ito laban sa interes ng mamamayang Pilipino at umaasa siyang mababahaginan ng nakaw na yaman na nababawi na nila ngayon mula sa pagkakasekwester.

Dahil sa kasalukuyang krisis, kumikitid ang batayan para sa matiwasay na pagbibigayan ng mga reaksyunaryo. Muling may relatibong pagliit ng yaman na maaari nilang paghatian. Matingkad ngayon ang tunguhin ng naghaharing pangkatin na sarilinin ang mga dinambong na yaman. Kaya't karamihan ng mga reaksyunaryong wala sa poder ay lantarang naghahangad ng pagkamatay sa sakit ng presidente o di kaya'y nagpapahiwatig ng posibilidad ng isang kudeta o asasinasyon.

Sa loob mismo ng naghaharing pangkating Estrada, tumitindi rin ang tunggalian sa pagitan ng pamilyang Marcos at ng pinakamalalaking alipures nila. Tinatangkang amuin ni Estrada ang mga Marcos sa pag-aareglo ng mga kaso laban sa kanila at pagpapawalang-sala sa mga nakasampang kasong kriminal. Ngunit kasabay nito, pinahihintulutan niya ang mga alipures ni Marcos na angkinin ang kanilang mga nakaw na yamang itinalaga sa kanila bilang mga tau-tauhan ng yumaong pasistang diktador.

Malayang inilalabas na ng mga Marcos sa publiko and kanilang mga lihim na kasulatan ng pag-aari at patunay ng pag-aaring sosyo sa mahigit na 200 pinagtatalunang mamahaling korporasyon, kasama na ang malalaking korporasyon

ng mga kroni at empresang multinasyunal. Dahil sa hayagang tunggaliang ito sa pagitan ng mga Marcos at ng mga alipures nila, nalalantad ang makabuluhang bahagi ng pandarambong ng mga Marcos at kanilang mga kroni sa ilalim ng pasistang rehimen. Kasabay nito, lubusan nitong inilalantad ang pagsisinungaling ni Estrada na siya'y makamahirap.

Muling binabalot ng malubhang krisis sa pulitika ang malakolonyal na sistema. Nagmumula ito sa kabulukan ng magkasamang makauring diktadura ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Kinasusuklaman ngayon ng mga reaksyunaryong wala sa poder ang naghaharing pangkatin. At sa loob mismo ng naghaharing pangkatin, may nagaganap na iskandalosong agawan sa mga pakinabang ng kapangyarihan.

Mahina ang kontrol ng rehimeng Estrada sa hati-hating reaksyunaryong sandatahang lakas at pulisya. Lumalawak ang samaan ng loob dahil sa pag-iral ng paboritismo sa mga promosyon at alokasyon ng pondo, sa pamamahagi ng mga kontrata sa pagbili ng dayuhan at lokal na suplay, sa disposisyon ng mga pondong inimpok ng mga tauhang militar at dahil sa katotohanang ang isang katulad ni Hen. Panfilo Lacson, na malawakang tinutuligsa bilang isang unipormadong kriminal, ang siyang aktwal na superpinuno ng pambansang pulisya at kumukulimbat ng malaking halaga ng pondong paniktik para sa sariling pagpapayaman kasabwat ng walang iba kundi ang presidente.

Patuloy na binibitak ang militar at pulisya ng mga paksyon, na sumasalamin sa mga reaksyunaryong paksyon sa pulitika at nagsisilbing utak ng iba't iba at kadalasa'y marahas na nagtutunggaliang sindikatong kriminal na nagpapatakbo ng lahat ng klase ng operasyong kriminal, tulad ng pagpapalusot ng mga kontrabando sa *customs*, droga, prostitusyon, sugal, *kidnap-for-ransom* at pagnanakaw.

Tinatangka ng rehimeng Estrada na pagkaisahin ang militar at pwersa ng pulisya sa pamamagitan ng pananawagan sa kanila na labanan ang mga rebolusyonaryong pwersa ng mamamayang Pilipino at ng mamamayang Moro (sa partikular ang Moro Islamic Liberation Front) pati na ang mga sindikatong kriminal, na sa katunaya'y pinamumunuan ng mga upisyal ng militar at pulisya. Ngunit laganap ang pagkamuhi sa rehimeng Estrada sa hanay ng mga upisyal militar na galit sa inihelikopter na promosyon ng kanyang mga paborito at sa mga upisyal ng pulisya na galit din sa walang patumanggang pagpapalawak ng emperyong kriminal ni Hen. Panfilo Lacson at Charlie "Atong" Ang, isa pang pusakal na kroni ni Estrada.

Tinatangka ng rehimen na ibayong magpalapad ng papel sa mga imperyalistang US sa pamamagitan ng pagtutulak sa ratipikasyon ng Visiting Forces Agreement. Pinagtitibay ng kasunduang ito ang naunang lihim na kasunduang ehekutibo noong 1992 hinggil sa "access at cross-servicing" at naglalayong pahintulutan ang mga pwersang militar ng US, gaano man kalaki, na gumamit ng anumang bahagi ng Pilipinas, at anumang pasilidad at pagkukunan ng suplay sa Pilipinas anumang oras at gaanuman katagal, nang hindi sinasaklaw ng hurisdiksyong kriminal ng mga korte sa Pilipinas. Kasabay nito, nagtayo ang US ng mga paliparan sa Timog Cotabato para sa mga eroplanong militar nito at naghahandang magtayo ng isang baseng nabal sa Look ng Saranggani, isang lokasyon na akma sa layong panghihimasok ng US sa buong Timog-Silangang Asya.

Ang pakana ng US at rehimeng Estrada na gawing isang base militar ng US ang buong Pilipinas ay nakapagpagalit sa malawak na masa ng mamamayan at kahit sa Catholic Bishops Conference of the Philippines. Kaya't umiiral ngayon ang isang malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko at

progresibong pwersa laban sa pakanang ito. Habang tumatagal, mas matalas na nakatudla ang nagkakaisang prenteng ito sa buong sistema ng kontrol-militar ng US sa Pilipinas, kabilang na ang US-RP Mutual Defense Pact (na nagpapahintulot sa panghihimasok ng US anumang oras) at ang US-RP Military Assistance Pact (na nagbibigay sa US ng kakayahang kontrolin ang reaksyunaryong sandatahang lakas).

Nagtutulak ang rehimeng Estrada ng bagong kumbensyon sa konstitusyon upang palitan ang saligang batas ng 1987 ng mas masahol pang konstitusyon. Nais nitong kamtin ang bagay na di hamak na mas masahol pa sa pagpapalawig sa panunungkulan na bigong pangarap ni Ramos noong 1997. Pinaka-interesado ito sa pag-aalis sa konstitusyon ng 1987 ng kakaunti na ngang pambansang restriksyon sa dayuhang pamumuhunan, ng pagbabawal sa mga dayuhang base militar at armas nukleyar at ilang limitasyon sa suspensyon ng *writ of habeas corpus*, sa pagdedeklara ng batas militar at sa pag-aresto, pagrerekisa at pananamsam.

Nagkukunwari ang rehimeng Estrada na nasa “walang-taning na reses” ang usapang pangkapayapaan, pero sa katunaya’y tinapos na ito ng rehimen. Sinabi nito sa PDPP (Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas) na maaari lamang itong ipagpatuloy kung papayag ang PDPP sa kundisyon na ang mga rebolusyonaryong pwersa ay susuko at magpapaturing na kriminal sa pamamagitan ng pagpapailalim nila sa konstitusyon, sistemang ligal at mga hukuman ng GRP.

Itinataguyod ng PDPP ang rebolusyonaryong integridad at mga prinsipyo nito. Tahasan nitong sinabi sa GRP na ang kundisyon nito’y labag sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague at lahat ng naunang kasunduang bilateral, na nagpapalusot ang GRP upang makaiwas sa pagtupad ng mga obligasyon nito sa ilalim ng Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas ng GRP-PDPP at sa pagtalakay ng mga saligang suliranin sa ekonomya at lipunan ng mamamayan.

Umabot pa sa puntong sinabi ng *negotiating panel* ng GRP na nagkamali si Estrada sa pagpapatibay ng naturang kasunduan at iginiit ang kaululang panukala na iwasto ng PDPP ang kamaliang ito sa pamamagitan ng pagpirma sa isang dokumento ng kapitulasyon at pagdadawit-sa-sarili. Ang tunay na hangarin ng GRP sa paggawa ng kalokohang ito’y wakasan na ang negosasyong pangkapayapaan.

Lubos na hindi nakapasa ang reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas sa pagsubok ng usapang pangkapayapaan. Mas nanaisin pa nitong wakasan ito kaysa tumalima sa mga kagyat nitong obligasyon, katulad ng pagbibigay ng bayad-pinsala sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Marcos, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, pagbabasura sa mga mapanupil na batas, at mga patakaran at gawi na nagreresulta sa maramihang pagpapalayas at pwersahang pagpapalikas sa masa at paghirang ng mga kinatawan nito at pagmumungkahi ng mga tagamasid sa magkasanib na komite sa pagmomonitor.

Walang habas na pinaiigting ng rehimeng Estrada ang kontrarebolusyonaryong karahasan laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan habang umuupa at gumagamit ito ng mga taksil para sa digmang sikolohikal o *psywar*. Pinasisidhi ng militar, pulisya, at mga pwersang paramilitar ang mga kampanyang panunupil. Sa buong bansa, dumarami ang mga paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Walang masusulingan ang mamamayan at mga pwersang rebolusyonaryo kundi ang paigtingin ang kanilang paglaban.

Lalong nagiging paborable para sa digmang bayan ang mga obhetibong kundisyon. Patuloy na sumasahol ang malubhang sosyo-ekonomikong krisis at pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Matapos makapagpalakas ng sarili sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto at matapos makapagpatatag at makapagpalawak ng kanilang baseng masa, ang Partido at iba pang suhetibong pwersa ng rebolusyon ay nasa pusisyon para samantalahin ang kalagayan at itaas ang rebolusyonaryong pakikibaka sa isang bago at mas mataas na antas.

## III. Nagpapanibagong-siglang mga Pwersa ng Rebolusyon

Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay nakapagkamit ng matataginting na tagumpay sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Kaya't nakapagpanibagong-sigla ang Partido Komunista ng Pilipinas at lalong nakapagpalakas bilang abanteng destakamento ng proletaryadong namumuno sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Iniangat ng Partido ang rebolusyonaryong kamulatan nito, ang kanyang organisadong lakas at militansya sa bago at mas mataas na antas.

Bunga nito, ang Bagong Hukbong Bayan, ang Pambansang Demokratikong Prente, ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masang pinamumunuan ng Partido ay nakapagpataas din ng antas ng rebolusyonaryong pagkakaisa, kahandaan at kakayahang lumaban upang isulong ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, pangunahin at sa esensya, ay isang kilusang edukasyon sa loob ng Partido upang muling pagtibayin ang mga saligang prinsipyo ng rebolusyonaryong proletaryado, maglagom ng karanasan at gagapin ang sitwasyon, tukuyin at iwasto ang pangunahing mga kamalian at kahinaan, itaguyod ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa kasalukuyang gawain at ilatag ang mga konstruktibo at mapanlabang tungkulin para sa pagsusulong ng rebolusyon.

Kinailangang ilunsad ng Komite Sentral ng Partido ang kilusang pagwawasto noong 1992 upang ipagtanggol ang mismong buhay ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sapagkat ang mga saligan at mayor na kamalian ng suhetibismo at oportunismo, na naipon at umiral mula noong huling bahagi ng dekada '70, ay nagbunga ng rebisyunismo, likidasyunismo at tahasang pagtatraydor at kriminalidad ng ilang nasa pwesto at ayaw-magwastong suhetibista at oportunista na nagtangkang wasakin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto, binigo at ginapi ng Partido ang kakarampot na mga traydor at ayaw-magwastong elemento. Ang kanilang lantarang pagkabulok at ang hayagang paggamit sa kanila ng kaaway para sa digmang sikolohikal ay nagpapatunay na wasto at eksakto ang pagpuna, pagtatakwil at pagtuligsa sa kanila ng kilusang pagwawasto. Sa lahatang-panig na pakikibaka sa kanila, sila ay naging mga guro sa pamamagitan ng negatibong halimbawa at natuto ang buong Partido kung ano ang wasto at mali sa komprehensibong hanay ng mga isyu sa tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng mga rebolusyonaryong proletaryado at mga taksil na burges.

Itinaguyod ng kilusang pagwawasto ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang linya sa ideolohiya ng Partido at itinakwil ang mga anyo ng suhetibismong burges tulad ng rebisyunismo, empirisismo at dogmatismo. Ang muling pinagtibay na mga saligang prinsipyo ng rebolusyonaryong proletaryado ay

halaw sa mga turo ni Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao. Naging mas mulat ang mga kadre at kasapi ng Partido sa tatlong yugto ng Marxismo, Leninismo at Maoismo sa pag-unlad ng rebolusyonaryong teorya at praktika ng pandaigdigang proletaryado.

Pinalalaganap ng Partido sa mga kadre at kasapi nito ang Marxista-Leninista-Maoistang paninindigan, pananaw at pamamaraan at sinasanay sila rito sa pagsapol sa mga kasalukuyang sirkunstansya ng mundo at ng Pilipinas at sa pagbagtas sa landas ng pagkilos na dapat tahakin sa balangkas ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo, dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino at mga partikular na larangan ng gawain.

Marxismo-Leninismo-Maoismo ang siyentipikong gabay sa rebolusyonaryong praktika ng Partido sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan upang magrebolusyon. Inilalapat ng Partido ang Marxista-Leninista-Maoistang teorya sa mga kongkretong kundisyon sa Pilipinas at sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Kung kaya't napatunayan ng Partido sa pamamagitan ng pagsusuri sa uri ang katangiang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino at nailatag ang pangkalahatang pampulitikang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto, lubusang ginapi ng Partido, tangan ang datos at mga argumento, ang suhetibistang linya na ang Pilipinas ay di na malapyudal kundi di hamak na mas industriyalisado at urbanisado kaysa sa Rusya at Tsina bago magrebolusyon ang mga ito at kung gayon, pinaunlad ng malaking kumprador-asenderong rehimeng Marcos ang ekonomya ng bansa.

Pinuna at itinakwil ng Partido ang "Kaliwang" oportunismo at Kanang oportunismo na kapwa gumamit sa suhetibistang linyang ito upang kontrahin ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Hinangad ng mga "Kaliwang" oportunista na gawing isang lantay na pwersang militar ang BHB at ang insureksyong lunsod bilang nangungunang salik sa mabilisang tagumpay militar. Hinangad ng mga Kanang oportunista na gawing pangunahin o natatanging salik sa pakikibaka sa pulitika ang ligal na pakikibaka sa lunsod at ang nagkakaisang prente bilang balangkas upang likidahin ang namumunong papel ng Partido at proletaryado.

Muling binunot ng Partido ang mga ugat ng modernong rebisyunismo. Tahasang nakapanuot ito sa Partido nang sinimulang itulak ng mga "Kaliwang" oportunista mula pa noong maagang bahagi ng dekada '80 ang muling pagturing sa Unyong Sobyet bilang sosyalista at sa Partido Komunista ng Unyong Sobyet bilang Marxista-Leninista, sa walang kinahinatnang paghahangad ng tulong militar at pinansyal mula sa Unyong Sobyet. Kahit na mapusok, itinapon ng mga "Kaliwang" oportunista ang prinsipyo ng pag-asa-sa-sarili sa pamamagitan ng pagkakalat ng kaisipang mababalaho o aatras ang rebolusyon kapag walang tulong militar ng Unyong Sobyet. Sa kabilang banda, inalagaan ng mga Kanang oportunista ang sarili nilang base at impluwensya sa mga "NGO" na pinondohan ng mga dayuhan upang ikalat ang konsepto ng pag-atras tungo sa lumang demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng burgesyang liberal, pang-aakit ng mas maraming tao sa pamamagitan ng pagyukod sa burgesya at pagiging tagabitbit ng payong nito, at pagkakamit ng demokrasya sa pagpapabagsak ng despotikong rehimen sa pamamagitan ng antipasistang kilusan at pagkatapos, ng pagsusulong ng repormismo sa panahong wala na si Marcos.

Nang inilunsad noong 1992 ang kilusang pagwawasto, kinupkop na ng mga Kanang oportunista ang mga "Kaliwang" oportunistang bumaling na sa Kanan. Ibinunton nila sa Marxismo-Leninismo ang mga mapaminsalang pagkakamali at

krimen ng mga “Kaliwang” oportunista at ginagad ang mga islogan ng imperyalistang opensiba sa ideolohiya at magkakaugnay na mga anti-komunistang tunguhin tulad ng Gorbachovismo, Trotskyismo, populismo, liberalismo at sosyal-demokrasya.

Ganap na ginapi ng kilusang pagwawasto ang sabwatan ng mga ayaw-magwastong suhetibista at oportunista, na naglunsad ng salimbayan ng mga maka-imperyalista at anti-komunistang paninirang-puri ngunit pare-parehong nagtuturing sa sarili bilang anti-Stalin sa kanilang pag-atake sa Partido. Kanilang itinuturing na parehong “Stalinista” ang ating anti-rebisyunistang Partido at ang mga anti-Stalin na rebisyunistang rehimen upang ipagpilitan na ang Marxismo-Leninismo, ang talibang partido ng proletaryado at ang sosyalismo ay walang kalaban-laban sa imperyalismo. Inilantad nila ang kanilang mga sarili bilang mga taksil at ahente ng *psywar* ng kaaway, na kinokoordina, pinopondohan at pinatatampok nang husto sa burges na masmidya ng mga operatiba sa *psywar* at paniktik ng US at reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas sa balangkas ng “low-intensity conflict”.

Buung-buong binigo ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang pagtatangka ng kaaway na wasakin mula sa loob ang Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ang mapanira ngunit walang-saysay na pagtatangkang magkalat ng kalituhan sa ideolohiya at pulitika ay nakapagpatibay at muling nakapagpalakas sa Partido. Sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto, muling naigiit ng Partido ang paninindigan nito para sa sosyalismo laban sa modernong rebisyunismo at aktibong nilabanan ang opensiba ng imperyalismo sa ideolohiya at pulitika na naglalarawan ng pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen bilang patunay sa kawalang-saysay ng sosyalismo at nagmamalaki na lubhang kaiga-igaya ang globalisasyon ng “malayang pamilihan”.

Nakapagpalabas ang Partido ng napakaraming dokumento hinggil sa mga saligan at mayor na usapin tungkol sa linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon upang gapiin ang maling ideya ng mga taksil at traydor pati na ng kanilang mga amo—ang mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo—at upang itaas ang antas ng kaalaman at praktika ng mga kadre at kasapi ng Partido.

Ang mga dokumento ng pagwawasto na inilabas ng Komite Sentral, ang mga artikulong akda ng mga responsableng kadre at ang mga paglalagom na gawa ng mga organo sa teritoryo at pang-istap ay mayamang bukal ng kaalamang pangkasaysayan at pangkasalukuyan na nagsisilbing batayan sa pagtatakda ng mga tungkulin at pagsulong sa rebolusyonarong pakikibaka. Ang lahat ng dokumentong ito’y bumubuo ng kaalamang buhay dahil sinasalamin ng mga ito ang kongkretong kalagayan ng rebolusyonaryong pakikibaka at ang rebolusyonaryong paninindigan at direksyong tinatahak ng Partido.

Mapagpasyang nagtagumpay ang kilusang pagwawasto laban sa pinakamasasahol na elementong nangabulok at nagtaksil mula nang muling itinatag ang Partido. Ngunit dapat manatili tayong mapagmatyag at militante laban sa mga labi ng kanilang moda ng pag-iisip at praktika pati na laban sa panunumbalik ng mga itinakwil na gawi. Halimbawa, kamakailan, ang sandakot na taksil, na dating nagpanggap na sumusuporta sa kilusang pagwawasto ngunit palihim na lumalaban dito, ay naglantad sa sarili nila bilang pinakahuling mga instrumento ng propaganda ng kaaway. Tiwala tayo ngunit hindi nagkakampante na kaya ng Partido na manatiling malusog at malakas at biguin ang anumang tipo ng pananalakay na maaaring maganap.

Ang petiburgesya ang batayang panlipunan ng suhetibismo at oportunismo. Laging mayroong isang antas ng ispontanyo o sadyang pagsulpot nito sa loob ng Partido dahil maraming kasapi ng Partido ang nagmumula sa petiburgesya at dala-dala nila ang kanilang mga petiburges na buntot. Nariyan din ang tuluy-tuloy na epekto ng impluwensyang petiburges mula sa labas pati na mula sa sadyang pagsisikap ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo na gamitin ang mga petiburges na linya ng pang-aakit laban sa linya ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Puspusang isinusulong ng Partido ang kilusang pagwawasto hanggang sa kaganapan nito at matatag na isinasakatuparan ang gawain sa ideolohiya, na kinabibilangan ng pag-aaral ng mga dokumento ng pagwawasto at ng mga klasikong akdang Marxista-Leninista-Maoista, kongkretong panlipunang pagsisiyasat, pagtatasa at paglalagom ng gawain at mapagkasamang pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Ang pang-ideolohiya at pampulitikang edukasyon sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang siyang pinakamahalagang salik sa pagpapanibagong-hubog ng mga kasapi ng Partido upang hadlangan ang pagkabulok at ang paggamit ng tunggalian ng dalawang linya o tunggalian ng mga ideya upang kamtin ang mas mataas na antas ng pagkakaisa.

Upang palaganapin ang mga saligang prinsipyo ng pagkakatatag ng Partido at ang mga turo ng mga dakilang komunista at upang patatagin ang kilusang pagwawasto, isinasagawa ang pormal na mga kurso ng pag-aaral ng Partido sa saligan, intermedya at abanteng antas. Itinataguyod ng kilusang pagwawasto ang mga kursong ito dahil sa katotohanang ang nakaraang kakulangan o kasalatan sa mga kursong Marxista-Leninista ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng eklektisismo, rebisyunismo, empirisismo at dogmatismo.

Ang bagong batayang kurso ng Partido ay pinag-aralan na ng lahat ng organo at yunit ng Partido at ibinibigay sa lahat ng kandidatong kasapi bilang bahagi ng kanilang kandidatura. Nag-inisyatiba ang mga panrehiyong komite ng Partido na pagulungin ang pag-aaral sa intermedyang kurso ng Partido. Nag-inisyatiba ang mga sentral at panrehiyong pamunuan at mga istap na pag-aralan ang abanteng kurso ng Partido. Lahat ng yunit at kasapi ng Partido’y hinihikayat na magbasa at mag-aral bago pa man kumuha ng mga pormal na kurso.

Sinasanay at nakaiipon ng karanasan ang mga instruktor sa pagtuturo ng mga kurso sa iba’t ibang antas. Ang mga instruktor sa mga sinisimulang kurso ay naglalabas din ng mga gabay sa pag-aaral upang lalong paunlarin ang mga kurso. Naglalabas din ng mga pinasimpleng bersyon ng mga kurso ng Partido at mga babasahin para sa kapakinabangan ng mga kandidato at ganap na kasapi ng Partido na nagmula sa masang anakpawis at may mababang antas ng kaalaman sa pagbabasa at pagsusulat. Mas marami silang natututuhan mula sa simple at kongkretong mga talakayang may kaugnayan sa kanilang karanasan sa buhay at sa kasalukuyang pakikibaka at mula sa mga kasamang gumagamit ng simpleng lenggwahe upang magpaliwanag ng mga batayang konsepto mula sa mga libro.

Pinararami at ipinamumudmod sa mas malawak na saklaw kaysa dati ang mga babasahin sa pag-aaral. Pinauunlad, pinipino at ipinalalaganap ang mga borador para sa kongkretong panlipunang pagsisiyasat sa lahat ng antas.

Upang isulong ang bagong demokratikong rebolusyon, pinamumunuan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan bilang prinsipal na instrumento sa pagpapabagsak sa naghaharing sistema ng mga malalaking kumprador at panginoong maylupa, sa paglikha ng kundisyon upang mabuo ang mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika at tuluyang maitatag ang Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas sa buong bansa. Ang BHB ang pangunahing organisasyon para

sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka bilang prinsipal na anyo ng pakikibaka, para sa pagpapanday ng alyansang manggagawa-magsasaka at pagsasakatuparan ng reporma sa lupa bilang pangunahing laman ng demokratikong rebolusyon.

Rebolusyonaryong pulitika ang nakapangyayari sa BHB. Ang hukbong ito'y nasa absolutong pamumuno ng Partido. Ang organisasyon ng Partido ay nakapaloob din sa lahat ng kumand at yunit ng BHB. Ikinukumbina ng hukbong bayan ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa reporma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa. Ang mga Pulang kumander at mandirigma ay sumasandig at nagtitiwala sa masa. Pinupukaw nila, inoorganisa at pinakikilos ang masa para sa rebolusyonaryong pakikibaka at para sa kagyat na kapakinabangang panlipunan.

Matalik ang ugnay nila sa masa. Ang pinakamahuhusay na anak ng masa ay nasa hukbong bayan. Minamahal ng masa ang hukbong bayan dahil ito'y kanilang hukbo na lumalaban para sa kanilang karapatan at interes. Kaya lipos sila ng kasiglahang nagsisilbing di masasaid na balon ng lakas ng hukbong bayan.

Sa loob ng balangkas ng bagong demokratikong rebolusyon sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado, ang Partido at hukbong bayan ay tumatalima sa rebolusyonaryong linyang makauri ng pagsalig pangunahin sa mga maralitang magsasaka at mga manggagawang bukid, pagkabig sa mga panggitnang magsasaka, pagnyutralisa sa mga mayamang magsasaka, pagsamantala sa mga kontradiksyon sa pagitan ng mga mulat at despotikong panginoong maylupa at pagwasak sa kapangyarihan ng huli.

Sa kilusang pagwawasto, muling binigyang-oryentasyon at sinanay ang hukbong bayan. Mataas ang kamulatan at malalim ang paninindigan nitong maglingkod sa mamamayan. Pinuna at itinakwil nito ang pananaw na lantay-militar at ang iba't ibang tunguhin ng "Kaliwang" oportunismo, laluna ang wala–sa-panahon at militaristang linya ng "estratehikong kontra-opensiba" at ang linyang "Pulang Purok-Putting Purok" ng militarismo cum insureksyunismong lunsod.

Matagalang digmang bayan ang estratehikong linya ng BHB, ang linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan. Nagtitipon ng lakas sa kanayunan ang BHB hanggang sa may sapat na itong lakas upang agawin ang mga lunsod sa isang estratehikong opensiba na uunlad mula sa mga naunang yugto ng estratehikong depensiba at estratehikong pagkakapatas.

Sa kasalukuyan, ang BHB ay nasa yugto pa rin ng estratehikong depensiba. Ngunit maaari itong maglunsad ng mga taktikal na opensiba na makakaya nitong ipagtagumpay upang hakbang-hakbang na baguhin ang timbangan ng lakas. Ang kasalukuyang ispesipikong linya ay ang pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalapad at papalalim na baseng masa.

Kundi dahil sa malalalang kamaliang "Kaliwang" oportunista, na naglayong "palakihin" at "iregularisa" nang wala-sa-panahon ang mga yunit ng hukbong bayan at sa gayo'y naghiwalay sa kanila sa masa, disin sana'y nakapagpaunlad ang digmang bayan sa matibay na pundasyon nang ibayong higit pa kaysa ngayon, kahit pa sa loob ng estratehikong depensiba.

Bilang bahagi ng proseso ng pagwawasto, nireorganisa at binago ang disposisyon ng BHB. Ang isang karaniwang larangang gerilya ay patuloy na may sentro-de-grabidad na laking-platun at ilang iskwad na nakakalat at maaaring hatiin sa mga sandatahang pangkat pampropaganda para sa gawaing masa sa

relatibong malawak na saklaw, ayon sa ipinahihintulot ng kalagayan. Sa ilang taktikal na opensiba at ilang operasyong pagpapatupad ng rebolusyonaryong batas, maaaring magtipon ng platun, pinalaking platun o kumpanya.

Ang pagpapatatag at pagpapalawak ng baseng masa ang paraan ng pagtiyak ng malapad na mapagmamaniobrahan para sa paglipat, pagkokonsentra o paghihiwa-hiwalay sa estilong-gerilya, para sa paglulunsad ng mga opensiba laban sa kaaway at para sa pagkontra at pagbigo sa mga opensiba ng kaaway. Kaya't sa loob ng ilang taon ng kilusang pagwawasto, tumutok ang BHB sa gawaing masa. Kinailangan nitong pigilan at baligtarin ang grabeng pagkitid ng baseng masa at bawiin ang mga lugar na nawala dahil sa mga kamaliang "Kaliwang" oportunista. Makabuluhan ang pagtatag at paglawak ng baseng masa sa mga larangang gerilya. Pinahihintulutan ng kasalukuyang antas ng lakas at ng pambansang latag ng 60 larangang gerilya sa mga estratehikong lugar ang madalas na paglulunsad ng BHB ng matatagumpay na taktikal na opensiba para sa pag-agaw ng armas at iba pang rekurso mula sa kaaway at walang tigil na pagpapadugo dito sa maraming bahagi ng kanyang katawan. Makabuluhan ang pagdami taun-taon ng bilang ng mga taktikal na opensiba. Ngunit ang bilang ng mga opensiba'y malayong mababa pa sa aktwal na kakayahan. Kailangan pa nating pukawin ang ating sarili mula sa isang antas ng pagiging pasibo at konserbatismo na bunga ng ilang taong pagtutok sa gawaing masa. Bilang tugon sa panawagan ng Komite Sentral ng Partido na maglunsad ng mga taktikal na opensiba batay sa kakayahan, ang hukbong bayan ay nagsasanay ng mga yunit nito sa pulitika-militar at nag-iipon ng datos-paniktik para rito. Nagsasanay din ng mga tauhan para sa gawaing ordnans, medikal at komunikasyon.

Bahagi ng ating gawaing masa ang panlipunang pagsisiyasat, propaganda at ahitasyon, pag-oorganisa ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika (sa una'y probisyunal na organong hinirang, at matapos ay mga regular na inihalal) at mga organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa (kung mayroon), mangingisda, kababaihan, kabataan, mga aktibista sa kultura at bata at pagpapakilos sa kanila sa mga kampanya para sa kanilang kapakinabangan. Kabilang sa mga kampanyang ito ang reporma sa lupa, produksyon, edukasyong publiko, lokal na pagtatanggol sa sarili, kalusugan, paglutas sa mga alitang lokal, at kultura.

Ang kampanya sa reporma sa lupa ang siyang susi dahil ito ang tumutugon sa pangunahing suliranin ng masang magsasaka at siyang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon. Sa kasalukuyan, ang maaaring isakatuparan sa karamihang lugar ay ang minimum na programa sa reporma sa lupa. Ang mga tungkulin ay ang pagpapababa sa upa sa lupa at interes sa pautang, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid na inuupahan ng mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka, paggigiit ng makatwirang presyo sa pagpakyaw ng mga komersyante at pagpapaunlad ng produksyon sa agrikultura at iba pang dagdag na pagkakakitaan.

Sa ibang lugar, ang masa ay pinupukaw, inoorganisa at pinakikilos upang labanan ang mga dayuhang korporasyon, burukratang kapitalista at mga panginoong maylupa at sagkaan ang pang-aagaw ng huli sa lupa ng masang magsasaka. Maiigting na pakikibaka ang isinusulong ngayon laban sa mga dayuhang korporasyon sa pagmimina, pagtotroso, mga plantasyon, rantso at *real estate "development"*. Pinananatili kundi man binabawi ng mga magsasaka, kabilang na ang mga etnikong minorya at mga setler, ang kanilang lupa.

Ang matagumpay nating gawaing masa ang batayan kung kaya't naparami ng BHB ang mga taktikal na opensiba nito. Nakasamsam ang BHB ang malaki-laking bilang ng armas mula sa kaaway at nakadakip ng ilang upisyal ng militar at

pulisya. Sa ilang dramatikong kaso, napwersa nito ang kaaway na idulog ang pagpapalaya sa mga bilanggo ng digmaan sa balangkas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng PDPP at ng reaksyunaryong pamahalaan.

Tumatalima ang Partido at hukbong bayan sa matagal nang patakaran ng maluwag na pagtrato sa mga bilanggo ng digmaan at sa prinsipyo ng pagbibigay ng nauukol na proseso ng imbestigasyon, pagsasakdal at paglilitis ng mga akusadong kriminal ng digmaan. Sumusunod ang BHB sa internasyunal na makataong batas alinsunod sa Nagsasariling Deklarasyon ng Pananagutan sa Pagpapatupad ng mga Kumbensyon ng Geneva at Protocol I at sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas, na pinagtibay kamakailan kapwa ng NDFP at ng reaksyunaryong gubyerno. Nakapagtatamo ng pandaigdigang pagkilala ang rebolusyonaryong kilusan para sa katayuang nakikidigma nito sa ilalim ng internasyunal na batas.

Umaasa sa sarili ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa usapin ng pagkuha ng armas at pagtugon sa pangangailangan ng BHB. Ang masang magsasaka ang pangunahing pinagmumulan ng suporta para sa mga saligang pangangailangan ng mga Pulang mandirigma. Makabuluhan din ang isinasagawang produksyon ng BHB at mga organisasyong masa para sa BHB at mga pamilya ng mga Pulang mandirigma.

Ang demokratikong gubyernong bayan, na gumagamit sa hukbong bayan sa paraang tuwiran at di-tuwiran, ay maaaring mangolekta ng buwis (laluna para makapagpalitaw ng salapi) mula sa naliliwanagang mga panginoong maylupa at mga negosyo. Lumilitaw ang elemento ng makauring pamumwersa kung ang ilang entidad ng mga nagsasamantalang uri ay tumatangging sumunod sa batas ng gubyernong bayan at ayaw magbayad ng kanilang mga obligasyon sa buwis. Gayunpaman, ginagamit ang mga paraang mapanghimok kaysa sa mapamilit sa mga entidad na panggitnang-burges alinsunod sa patakaran ng nagkakaisang prente.

Ang pangongolekta ng buwis ay gawain ng gubyernong bayan. Nagpapalitaw ito ng mga rekursong ginagamit sa kolektibong pangangailangan ng mamamayan at ng hukbong bayan. Ang paninirang-puri sa rebolusyonaryong pagbubuwis na ito’y anyo diumano ng pangunguwarta o pagbebenta ng sarili sa mga mapagsamantala ay mababang-uri ng *psywar* ng reaksyunaryong gubyerno at ilang “NGO” na nabubuhay sa pamamalimos ng mumo sa mga dayuhang *funding agencies*.

Tinatanganan ng Partido ang nagkakaisang prente bilang sandatang kaakibat ng armadong pakikibaka. Ang nagkakaisang prente ay pangunahing para sa armadong pakikibaka. Layunin nitong pagkaisahin ang pinakamalawak na hanay ng mga pwersa at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan laban sa kaaway sa anumang pagkakataon.

Sa pagbubuo ng nagkakaisang prente, pinaninindigan ng Partido ang rebolusyonaryong linyang makauri. Dapat pamunuan ng proletaryado ang nagkakaisang prente, na nakabatay sa alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, suportado ng petiburgesyang lunsod at suportado rin ng panggitnang burgesya at sumasamantala sa mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryo upang ihiwalay at gapiin ang kaaway.

Tuluy-tuloy na nagtatayo ang Partido ng iba’t ibang antas ng mga alyansa: ang saligang alyansang manggagawa-magsasaka, ang alyansa ng mga pwersang progresibo na sumasaklaw sa petiburgesyang lunsod, ang alyansa ng lahat ng pwersang patriyotiko kabilang ang panggitnang burgesya, at anumang alyansa ng posibleng mabuo na kasama ang ilang seksyon ng mga reaksyunaryo na naninindigan laban sa kaaway sa mga usaping pangkalahatan o partikular.

Natutupad ang alyansang manggagawa-magsasaka kung saan ang Partido ang namumuno at nagbubuo sa Bagong Hukbong Bayan at nagkokoordina at nagpapalakas sa mga kilusan ng mga manggagawa at mga magsasaka. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang Pambansang Demokratikong Prente ay nananatiling isang lihim na nagkakaisang prente ng mga batayang progresibong pwersa. Kaalinsabay, laging handa ang NDFP na magbuo ng dagdag na pakikipag-alyansa sa iba pang pwersa.

Nananatiling di pormal hanggang sa ngayon ang pakikipag-alyansa sa panggitnang burgesya. Subalit ito'y talagang umiiral at maybisa hanggang dinadala ng mga kinatawan at grupo ng panggitnang burgesya ang anti-imperyalistang paninindigan at tinutupad ng mga empresa ng panggitnang burgesya ang kanilang mga obligasyon sa gubyernong bayan. Ito ay dahil mas pinipili nilang iwasang maipagbawal o malugi sa mga eryang may kakayahan ang hukbong bayan na ipatupad ang batas ng gubyernong bayan.

Ang pakikipag-alyansa sa ilang reaksyunaryo ay di rin pormal at pinakamabuway dahil sa kanilang makauring katangian. Nabubuo ang mga ito sa antas pambansa at lokal  at nag-aanyong lihim na kooperasyon sa pulitika laban sa pinakasagadsaring mga reaksyunaryo. Napatunayan na rin ng ilang reaksyunaryo ang pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pagtupad sa kanilang mga partikular na pangako sa gubyernong bayan. Madalas silang hinihikayat na labanan ang kaaway at mag-ambag ng mga pangangailangan para sa pag-iibayo ng armadong pakikibaka.

Hanggang sa ngayon, ang pinakamalaki at pinakamatingkad na di pormal na pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryo ay lumitaw sa komon na pakikibaka para patalsikin ang pasistang diktadurang Marcos. Sa tuwing idinadaos ang burgis na eleksyon, nagpapaligsahan ang mga reaksyunaryo sa pambansa at lokal na antas upang magkaroon ng pansamantalang pakikipag-alyansa sa Partido. Hinihingi sa kanila na igalang ang at tumalima sa mga batas at patakaran ng gubyernong bayan.

Malaon nang sinusuportahan ng Partido ang pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa- sarili laban sa pambansang pang-aapi. Isang matingkad na halimbawang kapangyayari pa lamang ay ang pagbubuo ng pormal na alyansa sa pagitan ng PDPP at ng Moro Islamic Liberation Front. Ang dating ugnayang di pormal, mapagkaibigan at nagtutulungan ay umuunlad na ngayon sa isang pormal na alyansang PDPP-MILF sa pamamagitan ng pagkakaroon ng nakasulat na kasunduan at mga tanggapan sa pakikipag-ugnayan. Pinananatili ng bawat partido sa alyansa ang kani-kanyang pagsasarili at inisyatiba. Handa ang dalawang partido na magtulungan para sa mutwal na pakinabang at para sa pagkokoordina ng kanilang mga pwersa laban sa komon na kaaway.

Ang Partido, ang armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente ay pawang mga sandata ng mamamayan at gumaganap ng natatangi at magkakaugnay na mga papel. Mabibigo ang bagong demokratikong rebolusyon kapag napabayaan o nabitawan ang alinman sa mga sandatang ito. Maling-mali ang mga Kanang oportunista nang itulak nila ang ideya na binabawasan o isinaisantabi na ng nagkakaisang prente ang talibang papel ng partido ng proletaryado o na ito ay isang balangkas upang ipailalim ang proletaryado sa burgesya.

Pinaunlad ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre na muling nagtatag sa Partido ang ligal na  kilusang anti-imperyalista at antipyudal sa buong panahon ng dekada '60 at hanggang sa Sigwa ng Unang Kwarto at pangmasang daluyong sa buong panahon ng 1970-72. Sapul nang ito'y muling itatag, laging nagtitipon ang mga progresibong organisasyong masa sa rebolusyonaryong

pamumuno ng Partido kahit sa ilalim ng pinakamatitinding kalagayan ng panunupil ng pasistang diktadurang Marcos at ng mga sumunod na rehimen.

Laging hinihikayat ng Partido ang pagpapaunlad ng hayag na kilusang nakabase sa lunsod sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga lihim na grupo ng Partido sa loob ng mga organisasyong masa. Sa pag-unlad ng digmang bayan, nakatitiyak din ang mga aktibistang masang nakabase sa lunsod na makapupunta sila sa mga larangang gerilya sa kanayunan anumang panahong hindi na sila makakikilos sa kalunsuran. Dahil mabilis na lumalala ang krisis sa ekonomya, ang mga manggagawa na sinisisante o inuusig dahil sa paggamit ng kanilang karapatang magwelga, ay hinihikayat na sumapi sa hukbong bayan. Dumarami ang mga manggagawa at kabataang nakapag-aral na nagboboluntaryo para magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat at lumahok sa gawaing masa sa kanayunan.

Ang hayag na demokratikong kilusang masa ay mabilis na lumalakas at masiglang sumusulong. Ito ang pampulitikang resulta ng kilusang pagwawasto at ng krisis ng naghaharing sistema na lumalala sa araw-araw. Nagpupunyagi sa pagkokonsolida at pagpapalawak ng kanilang hanay ang mga unyon at hayag na organisasyon ng mga magbubukid, maralitang lunsod, kababaihan, kabataan sa pangkalahatan, estudyante, guro, kawani ng gubyerno, abugado, manggagawang pangkalusugan, mga dalubhasa at manggagawa sa teknolohiya, mga manunulat at artista, ekonomista at iba pang mga propesyunal at progresibong relihiyoso.

Patuloy silang nagtatatag ng sektoral at multisektoral na mga alyansa. Ipinahahayag nila ang kanilang mga pananaw at naglulunsad ng mga aksyong protesta alinsunod sa linyang pambansa-demokratiko tungkol sa nagpapatuloy na mga batayang isyu at mga nagbabagang isyu laban sa mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo na ngayo’y pangunahing kinakatawan ng naghaharing pangkating US-Estrada.

Malinaw na isang mayor na pwersang pampulitika ang mga organisasyon at mga kilusang nagsusulong sa linyang pambansa-demokratiko. Sa pinakamenos, maaaring sabihin na ang kabuuang masang tuwirang napamumunuan nila sa buong bansa ay umaabot sa daan-daang libo. Saklaw ng impluwensya nila ang milyun-milyong mamamayan. Tinatamasa rin nila ang mataas na prestihiyong internasyunal at nag-aambag nang makabuluhan sa mga kumperensyang pandaigdig at iba pang anyo ng gawaing pakikipagkapatirang anti-imperyalista.

Ikinokoordina ng Partido ang lahat ng anyo ng pakikibakang pampulitika. Nasa pusisyon ang Partido para gawin ito dahil isa itong lihim na organisasyong mahigpit na nakaugnay sa mamamayan kapwa sa kalunsuran at kanayunan, . Nagtagumpay na rin ito sa pagpapaunlad ng mga grupong lihim sa reaksyunaryong mga institusyon at organisasyon. Nagagawa ng Partido na ikoordina ang hayag na kilusang demokratiko at ang armadong kilusan ng mamamayan pangunahin dahil sa gawaing pampulitika at segundaryo sa pamamaraang teknikal.

Itinataguyod ng Partido ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo bilang linyang pang-organisasyon nito. Nangangahulugan ito ng sentralisadong pamumunong nakabatay sa demokrasya at demokrasyang ginagabayan ng sentralisadong pamumuno. Ang esensya ng sentralismo ay ang pagtalima sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at ang determinasyon na isulong ang bagong demokratikong rebolusyon at pagkatapos ay ipatupad ang makasaysayang misyon ng uring manggagawa na itatag ang sosyalismo hanggang maabot ang ultimong layuning komunismo. Sa ibang salita, ang demokratikong sentralismo ay hindi isang simpleng proseso na walang tiyak na nilalaman at layunin.

Bilang proseso ng pagdedesisyon, ang demokratikong sentralismo ay binubuo ng pagpapailalim ng minorya sa mayorya, ng nakabababang organo sa nakatataas na organo, ng indibidwal sa buong organisasyon ng Partido at ng buong kasapian ng Partido sa Komite Sentral. Sa pamamagitan ng demokrasya sa loob ng Partido, ibinabahagi at tinitipon ang mga datos at palagay ng mga kadre at kasapi ng Partido sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na proseso ng diyalektikong interaksyon sa pagitan ng mga nakabababa at nakatataas na antas ng organisasyon ng Partido.

Kasuklam-suklam sa demokratikong sentralismo ang burukratismo at ultrademokrasya o liberalismo. Ang ayaw magwastong mga oportunista at taksil ay nagsagawa ng burukratismo at komandismo nang sila’y namumuno at ultrademokrasya nang sila’y nakikipagtunggali sa mga nakatataas na organo. Hindi lamang nila nilabag ang pang-organisasyong proseso ng pagdedesisyon, kundi, masahol sa lahat, nanulsol pa sila ng mga linyang kontrarebolusyonaryo laban sa Marxismo-Leninismo at sa Partido at nagtangkang wasakin ang Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Kapag nakapagdesisyon na hinggil sa anumang isyu alinsunod sa demokratikong sentralismo, may pagkakaisa sa kapasyahan at pagkilos. Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng kanyang opinyon subalit dapat na sumunod sa desisyon. Hindi mahaharap ng Partido ang buhay-at-kamatayang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kaaway kung wala ang kinakailangang disiplina matapos ang proseso ng demokratikong pagdedesisyon.

Pambansa ang saklaw ng Partido at malalim na nakaugat sa hanay ng masang manggagawa at magsasaka. Taglay nito ang diwa ng paglilingkod sa mamamayan at sa tuwina’y itinataguyod ang estilo ng simpleng pamumuhay, puspusang pakikibaka at pagsasakripisyo sa sarili.

Nagsasagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili ang mga kadre at kasapi ng Partido upang maiwasto ang mga pagkakamali at mga kahinaan at upang mapaunlad ang gawain at magkabunga ng mas mahuhusay na resulta. Napapanahon at regular na isinasagawa ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa loob ng Partido, at kung kinakailangan ay sa harap ng masa, upang maiwasto ang anumang pagkakasala o pinsalang nagawa sa kanila.

Ang mga kandidatong kasapi ng Partido ay nirerekluta mula sa mga hanay ng pinakamulat at pinakamilitanteng mga masang aktibista sa kanayunan at kalunsuran. Kung gayon, laging napananatili at napatitibay ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng Partido at mamamayan.

Bilang isang proletaryong rebolusyonaryong partido, determinado ang ating Partido na magrekluta ng mataas na proporsyon ng kasapian nito mula sa uring manggagawa. Alinsunod sa pag-unlad ng digmang bayan, natural na ang makabuluhang bilang ng mga kasapi ng Partido ay magmumula sa uring magsasaka na nagiging mga proletaryong rebolusyonaryo sa proseso ng rebolusyonaryong pakikibaka at edukasyon sa ilalim ng pamumuno ng Partido sa kilusang magbubukid at sa hukbong bayan.

Nananatiling malaki ang proporsyon ng kasapian ng ating Partido na nagmumula sa uring petiburges. Para mapaliit ang proporsyong ito, hindi natin pipigilan ang mga nais maging kasapi mula sa petiburgesyang lunsod, sa halip pabibilisin natin ang pagrerekluta ng Partido mula sa hanay ng masang anakpawis.

Lumalaki ang pangangailangan para sa mga kadre at kasapi ng Partido mula sa hanay ng masang anakpawis gayundin ng kabataang nakapag-aral. Kailangan natin ng daan-daang libong kadre at kasapi ng Partido sa rebolusyon para matamo ang kapangyarihang pampulitika. Ang palaging nakahanda nating balon ng mga kasapi ng Partido ay ang mas nakalalaking bilang ng mga abanteng masang aktibista. Malapit sila sa ating Partido at karamihan sa kanila ay handang sumapi rito.

Inilalatag ng Saligang Batas ng ating Partido ang mga batayang rekisito at haba ng panahon sa gawaing pagsubok para sa mga kandidatong kasapi ng Partido. Subalit sa maraming dahilan, kabilang na ang pagmamataas at kapabayaan sa bahagi ng mga organo at mga ganap na kasapi ng Partido, naaantala ang pagrerekluta ng mga kandidatong kasapi ng Partido mula sa hanay ng mga abanteng aktibistang masa at ang kasunod na pagsulong ng mga kandidatong kasapi ng Partido tungo sa pagiging ganap na kasapi.

Batay sa umiiral na bilang ng mga kasapi at abanteng aktibistang masa ng Partido, maaaring magbalangkas sa bawat antas ng plano sa organisasyon para sa pagpapalawak ng kasapian ng ating Partido. Upang mabuo ang pambansang plano sa organisasyon, kinakailangang isumite ng mga nakabababang namumunong organo ang kanilang mga plano sa organisasyon sa Komite Sentral ng Partido. Pagkatapos, kinakailangang mag-ulat hinggil sa pagsasakatuparan ng plano.

Ang ispesipikong linya sa pagpapalaki ng ating Partido ay ang mapangahas na pagpapalawak nang hindi nagpapapasok ng kahit isang hindi kanais-nais. Sa pagpapatupad sa linyang ito, responsibilidad at kargo ng ating mga namumunong organo at yunit ang pag-tsek mula sa iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon at ang pagberipika sa personal na rekord, makauring kamulatan at personal na kalagayan ng bawat nagnanais na maging kasapi, ang paglalapat sa mga rekisitos at tuntunin kaugnay ng kandidatura at pagtitiyak na naipatutupad ang mga ito.

Krusyal ang halaga ng pagbubuo sa organisasyon ng Partido. Kailangang sapat ang bilis ng pagpapalaki sa talibang proletaryo at bag-as ng rebolusyonaryong kilusang masa upang matapatan at magampanan ang mabibigat na mga tungkulin ng bagong demokratikong rebolusyon at matiyak ang sosyalistang direksyon nito.

## IV. Mga Pangmatagalang Tungkuling Panlaban ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sa ika-30 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, kinakailangan at nararapat na ulitin at muling pagtibayin ang mga pangmatagalang tungkuling panlaban nito. Ang mga ito ay ang sampung punto ng Pangkalahatang Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan, na binalangkas at idineklara sa mismong pagtatatag ng Partido.

Ang lahat ng komunistang Pilipino ay dapat kumilos at makibaka upang maisakatuparan ang pangmatagalang programang ito, at dapat maging handa na isakripisyo ang kanilang buhay kung kinakailangan sa pakikibaka upang itayo ang bagong Pilipinas na ganap na nagsasarili, demokratiko, nagkakaisa, makatarungan at masagana.

Umani na tayo ng malalaking tagumpay sa pamamagitan ng ating rebolusyonaryong pakikibaka. Subalit mahaba pa ang ating lalakbayin upang lubusin ang bagong demokratikong rebolusyon. Dapat tayong magkaroon ng

kapasyahang lumaban ng 30 taon pa o ng kahit gaano katagal hanggang makamit ang ganap na tagumpay.

Kasabay ng pagdiriwang natin sa ika-30 anibersaryo kapwa ng Partido at ng BHB, ipinagdiriwang din natin ang sentenaryo ng rebolusyonaryong armadong paglaban ng mamamayang Pilipino sa digmang agresyon ng US, na nag-umpisa noong Pebrero 4, 1899. Kaugnay nito, idinedeklara natin ang ating kahandaan na ilunsad ang digmang bayan nang isa pang dantaon hanggang mawakasan ang imperyalistang dominasyon ng US, sa parehong diwa nang inilunsad ng mamamayan ng ating kapuluan ang armadong paglaban nang mahigit tatlong siglo hanggang mawakasan ang kolonyalistang paghahari ng Espanya.

### *1. Ibagsak ang naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa!*

Ang nangingibabaw na interes ng mamamayang Pilipino ngayon ay ang lumaban para sa pambansa at panlipunang paglaya. Makakamit lamang ito sa pamamagitan ng pagpapabagsak sa naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa, na nagsisilbi sa US at iba pang mga imperyalista. Dapat makibaka ang mamamayang Pilipino laban sa bawat reaksyunaryong rehimen na sumusulpot at sa gayon ay magdagdag ng rebolusyonaryong lakas hanggang maaari na nilang ganap na madurog ang makinaryang burukratiko at militar ng reaksyunaryong estado.

Kailangang ilunsad ang armadong rebolusyon upang gapiin ang armadong kontrarebolusyon at dapat tipunin ng nagkakaisang prente ang lahat ng mga positibong pwersa at samantalahin ang pagkakahati-hati ng mga reaksyunaryo upang ihiwalay at durugin ang kaaway sa lahat ng pagkakataon.

Kailangang wakasan ng mamamayang Pilipino at ng kanilang rebolusyonaryong pwersa ang kapangyarihan at impluwensya ng imperyalistang US at ng lokal na mga nagsasamantalang uri.

Kailangang magpunyagi ang Partido sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Kailangang patuloy nitong buuin ang hukbo ng mamamayan at ipunin ang lakas sa kanayunan bago nito maagaw ang kalunsuran. Kaalinsabay nito, maaari nitong labanan, alisan ng kredibilidad, ihiwalay at basagin ang monopolyo ng kapangyarihang pampulitika ng mga reaksyunaryo sa kalunsuran. Sa ganito, komplementaryo at nagtutulungan ang armadong kilusang rebolusyonaryo at ang hayag na kilusang masang demokratiko sa paglalansag at pagdurog sa kapangyarihan ng kaaway.

### *2. Itatag ang demokratikong estado ng mamamayan batay sa alyansang manggagawa-magsasaka!*

Ang pinakalayunin ng demokratikong rebolusyong bayan ay ang pagtatatag ng demokratikong estadong bayan. Nasa ilalim ito ng pamumuno ng uring manggagawa, nakabatay sa saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka at kinabibilangan ng iba pang demokratikong uri tulad ng petiburgesya ng kalunsuran at ng pambansang burgesya. Ang Partido bilang namumunong partido, na kumakatawan sa uring manggagawa, ay magbubuo ng gubyernong koalisyon ng lahat ng demokratikong uri at pwersa. Sa proseso ng matagalang digmang bayan, ang uring manggagawa at magsasaka sa ilalim ng rebolusyonaryong proletaryong pamumuno at sa tulong ng Bagong Hukbong Bayan, ay magtatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika upang buuin ang armadong nagsasariling rehimen o rebolusyonaryong gubyernong bayan. Sa gayon, natututo ang mamamayan na pamunuan ang kanilang sarili,

ipagtanggol at isulong ang pambansang kalayaan at mga demokratikong karapatan. Ang rebolusyonaryong gubyernong bayan ay nagsisilbing tagapaghandang gubyerno ng Demokratikong Republikang Bayan sa Pilipinas.

Ang Pambansang Demokratikong Prente, bilang pinakamahalagang pormal na organisasyon ng nagkakaisang prente, ay nagtataguyod ng nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka, nag-eengganyo sa kumbinasyon ng lahat ng makabayan at progresibong pwersa upang ihiwalay at durugin ang kaaway at naghahawan ng daan para sa pagtatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, ng konsultatibong asembleyang bayan at ng demokratikong gubyernong koalisyon na may pinakamalawak na katangian.

***3. Pandayin ang pambansang pagkakaisa at ipaglaban ang mga demokratikong karapatan!***

Nakalaan ang Partido sa pagpanday sa pinakamatatag at pinakamalawak na pambansang pagkakaisa. Nakabatay ito sa pambansang soberanya at kasarinlan mula sa imperyalismong US at mga utusan nito, sa pagpapalaya sa uring manggagawa at magsasaka at sa pagtataguyod sa mga demokratikong karapatan at interes ng lahat ng mamamayang anakpawis.

Ang lahat ng makabayan at progresibong uri, grupo at indibidwal ay magtatamasa ng mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura. Bunga ng pambansang paglaya ng lahat ng mamamayan mula sa imperyalismo at ng masang anakpawis mula sa makauring pang-aapi at pagsasamantala,puspusang itataguyod ang indibidwal na kalayaan at partisipasyong publiko, na may garantiya sa mga demokratikong karapatan tulad ng kalayaan ng pagkatao, sa paninirahan, sa pag-iisip, sa pananampalataya, sa pamamahayag at sa pagtitipon at iba pang mga karapatan sa isang kodigo ng mga demokratikong karapatan sa saligang batas ng demokratikong estado ng bayan.

Papawiin ang diskriminasyong batay sa nasyunalidad, kasarian, etnika, lahi o pananampalataya. Iaakma ang sektor ng estado, kooperatiba at pribado sa isang plano sa ekonomya upang tiyaking namumuhay nang disente ang bawat mamamayan. Ang indibidwal na inisyatiba at pamumuhunan sa bahagi ng mga mangingisda, tagayaring-kamay, intelektwal, petiburgesya ng kalunsuran at pambansang burgesya ay igagalang, hihikayatin at tutulungan. Ang mga Pilipino sa ibang bansa, laluna ang mga migranteng manggagawa, ay hihikayating mag-ambag ng kanilang talino, karanasan at kasanayan para sa lahatang-panig na pag-unlad ng kanilang inang bayan.

***4. Itaguyod ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo!***

Itataguyod ng Partido ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo sa ilalim ng bagong estado. Iiral ang sentral na awtoridad ng pambansang gubyerno sa mga nakabababang antas ng gubyerno, at ibabatay ang mga patakaran at desisyon nito sa mga pangangailangan, mga kahilingan at aspirasyon ng malawak na masa ng sambayanan at ng mga nakabababang antas ng gubyerno. Magkakaroon ng mga demokratikong deliberasyon at pagpapasya sa bawat antas ng gubyerno; at magkakaroon ng mga konsultasyon sa pagitan ng mga nakatataas at nakabababang antas ng gubyerno at sa pagitan ng bawat antas ng gubyerno at ng mamamayan. Ito ang sentralisadong pamumuno na nakabatay sa demokrasya at demokrasyang ginagabayan ng sentralisadong awtoridad.

Sa bawat antas ng gubyerno (baryo, munisipalidad, lunsod, distrito, probinsya at rehiyon), magkakaroon ng mga halal na kinatawang kapulungan kung saan ang mga desisyon ay demokratikong tinatanggap bilang tugon sa mga pangangailangan at kahilingan ng mamamayan sa kani-kanyang saklaw ng kapangyarihan. Ang isang nakabababang kinatawang kapulungan ay papailalim sa rebolusyonaryong kongreso ng mamamayan na kumakatawan sa pambansang antas sa mamamayang Pilipinong may kasarinlan. Ang mayorya ang siyang makapangyayari sa paghahalal ng mga upisyal o sa pagpapasya hinggil sa anumang usapin.

Magkakaroon ng karapatan at kaparaanan ang mamamayan na ilahad sa Partido at sa pamahalaan ang kanilang iba't ibang interes at pananaw anumang oras. Isusuperbisa nila ang Partido, ang pamahalaan at ang mga upisyal nito, pupunahin ang kanilang mga pagkakamali at kahinaan at tataglayin nila ang kapangyarihang paalisin sa pwesto ang mga upisyal ng gubyerno at ipatanggal ang mga upisyal ng Partido na lumalapastangan sa mga karapatan at interes ng bansa at ng mamamayan.

### 5. *Itayo at mahalin ang Bagong Hukbong Bayan!*

Hindi magkakaroon ng demokratikong estadong bayan kung walang hukbong bayan na ang pangunahin at pinakamahalagang tungkulin ay ang ipagtanggol at protektahan ito. Unang-una, ang demokratikong estadong bayan ay hindi maitatatag nang hindi ginagapi at winawasak ng hukbong bayan ang reaksyunaryong estado. Ang hukbong bayan, na binubuo pangunahin ng mga mandirigma mula sa uring magsasaka, ay dapat na ipailalim sa pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido. Kung gayon, nasa bag-as ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan ang kapangyarihan ng proletaryado, na kinakailangan para sa kasunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

Ang pinakakagyat na tungkulin ng hukbong bayan ngayon ay gapiin at durugin ang reaksyunaryong Armed Forces of the Philippines na itinatag at sinusuportahan ng US at ang lahat ng tipo ng armadong kapangyarihan na nasa kamay ng mga uring mapagsamantala at reaksyunaryong estado sa lahat ng antas. Ang mga pwersa ng hukbo ng mamamayan ay sinusuplementaryuhan ng milisya, mga yunit sa pagtatanggol sa sarili at mga armadong partisanong lunsod. Ang iba't ibang antas ng mga pwersa ay pinauunlad sa pagsulong ng digmang bayan.

Ang hukbong bayan ay isang pwersang panlaban, pampropaganda at pamproduksyon na mahigpit na nakaugnay sa masa ng mamamayang anakpawis. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, laging pinalalakas ng hukbo ang sarili sa pamamagitan ng gawaing masa, pagsasanay na pulitiko-militar at armadong pakikibaka. Dapat suportahan ng Partido at mamamayan ang Bagong Hukbong Bayan at tiyaking ang mga mandirigma ng mamamayan ay may sapat na kagamitan at ang mga pangangailangan at kagalingan ng kanilang mga kagyat na pamilya ay natutugunan.

### 6. *Lutasin ang suliranin sa lupa!*

Pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyong bayan ang pakikibaka ng masang magsasaka upang lutasin ang suliranin sa lupa. Dapat matugunan ng rebolusyon ang batayang kahilingan ng mga maralitang magsasaka at mga manggagawang bukid para sa lupa. Ang rebolusyong agraryo ang susing rekisito para ubos-kaya at matagumpay na mailunsad ang armadong pakikibaka at malikha at makonsolida ang mga rebolusyonaryong base.

Ang kasalukuyang minimum na programa ng reporma sa lupa ay paghahanda lamang para sa maksimum na programa, na siyang ganap na kalutasan sa suliranin sa lupa. Libreng ipamamahagi ang lupa sa mga nagbubungkal na walang lupa. Wawakasan ang upa sa lupa, pagsasamantala sa upahang paggawa, usura, manipulasyon sa presyo at iba pang mga pyudal at malapyudal na kasamaan. Itataguyod ang mga pangkat-tulungan at mga sistema ng palitan ng lakas-paggawa bilang panimulang hakbang tungo sa mas matataas na anyo ng kooperasyon sa agrikultura. Sa pamamagitan ng yugtu-yugtong pag-unlad ng kooperasyon sa agrikultura, tatahakin ang sosyalistang landas at patataasin ang antas at mahusay na paplanuhin ang produksyon, titiyakin ang pinakamainam na presyo sa pagbebenta ng produkto at gagarantiyahan ang mga serbisyong pangkagalingan.

Titiyakin ng Partido na ibibigay ng demokratikong gubyernong bayan ang lahat ng posible at kinakailangang suporta upang mapataas ang produksyon sa agrikultura sa pamamagitan ng pagtitipon ng kapital, mekanisasyon, tulong teknikal, tulong pampinansya at iba pa. Ang pinalawak at pinataas na kakayahan sa pagbili ng mga magsasaka ay magpapasigla at magpapalaki sa produksyon sa industriya. Agrikultura ang magiging batayan ng pambansang ekonomya dahil tinutugunan nito ang mga pangangailangan sa pagkain at hilaw na materyales para sa papalawak na industriyalisasyon. Ang mga magsasaka naman ang magiging pangunahing pamilihan para sa mga produkto ng industriya.

Habang patuloy ang kolektibisasyon at mekanisasyon ng agrikultura, ang mga istasyon ng makina at traktora ay magsisilbing mga sentro ng kumand ng proletaryado. Ang mga plantasyon at lupain na epektibo nang pinatatakbo sa paraang mekanisado bago pa ang rebolusyon ay gagawing mga sakahang pag-aari ng estado at itatatag dito ng mga manggagawa ang kapangyarihang proletaryo. Ang mga bahagi ng sakahang nakatuon sa eksport na labis sa episyenteng antas ay isasailalim sa reporma sa lupa at tatamnan ng ibang mga pananim na kailangan para sa lokal na produksyon at konsumo.

***7. Isulong ang pambansang industriyalisasyon!***

Papawiin ang pribadong pag-aari ng kagamitan sa produksyon at distribusyon ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at ng lokal na mga nagsasamantalang uri. Itatatag ang mga saligang industriya at pauunlarin ito upang lumikha ng mga batayang metal, batayang kemikal at mga produktong kapital. Ang mataas na teknolohiya ay gagamitin at pauunlarin upang magsilbi sa pangangailangan ng mamamayan.

Magiging nangungunang salik ng ekonomya ang pambansang industriyalisasyon. Habang itinatatag ang mabigat na industriya, kagyat na itatayo ang magaan na industriya upang pagdugtungin ang mabigat na industriya at ang agrikultura. Sa panahon ng transisyon, kung kailan may oberlap ang mga hakbang pang-ekonomya na sosyalista at burges-demokratiko, iiral ang tatlong sektor sa pambansang ekonomya: ang sektor ng estado, ang sektor ng kooperatiba at ang pribadong sektor.

Lahat ng mayor na institusyon sa pinansya, mga mayor na pinagkukunan ng hilaw na sangkap at enerhiya, lahat ng industriyang mabigat at batayan, mga mayor na linya ng lokal at dayuhang kalakalan at lahat ng isinabansang empresa ay patatakbuhin ng sektor ng estado. Ang mga magsasaka, mangingisda, tagayaring-kamay at iba pang maliliit na prodyuser ay hihikayatin at bibigyan ng mga insentiba upang organisahin ang kanilang

hanay sa mga kooperatiba upang tumaas ang antas ng kanilang produktibidad at magkaroon sila ng tiyak na pamilihan. Sa isang takdang panahon at hanggang sa isang antas, ang pribadong sektor, kabilang na ang mga makabayang negosyante at komersyante, ay hihikayating positibong mag-ambag sa konstruksyon ng ekonomya.

Ang estado at sektor ng mga kooperatiba sa ekonomya ay bubuuin bilang mga salik ng sosyalismo. Ang pribadong sektor sa industriya ay kokontrolin upang hindi nito mamonopolisa o mapinsala ang kabuhayan ng mamamayan o masabotahe ang sosyalistang sektor ng ekonomya. Ang publikong pag-aari ng kagamitan sa produksyon ay mangingibabaw at ang pagpaplano sa ekonomya ng estado ay titiyak sa pag-unlad ng isang sosyalistang ekonomya na komprehensibo at balansyado.

### *8. Palaganapin ang pambansa, siyentipiko at pangmasang kultura!*

Isinasabalikat ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido ang pamumuno sa larangan ng kultura at edukasyon alinsunod sa namumunong rebolusyonaryong papel nito. Kinakailangan ng mamamayan ang demokratikong rebolusyon sa kultura upang pawiin sa bansa ang nakalulumpong paghahari ng imperyalista at pyudal na kultura at edukasyon, kabilang na ang pasistang mentalidad, dekadenteng ugaling burges at mga pamahiin. Dapat isulong at itaguyod ng rebolusyon sa kultura ang pambansa, siyentipiko at pangmasang kultura.

Sa proseso ng matagalang digmang bayan, naglulunsad ang Partido ng mga kampanyang masa upang gawing mga balwarteng pangkultura ng rebolusyong Pilipino ang mga atrasadong baryo. Ang mga kadre at batalyon sa kultura ay sisibol sa kanayunan. Tuluy-tuloy na papawiin ang kamangmangan at mga pamahiin sa pamamagitan ng edukasyon. Ipalalaganap ang programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Titiyakin ng Partido, ng demokratikong gubyernong bayan at ng lahat ng pwersang demokratiko na ang sistemang pang-edukasyon at masmidya ay nagsisilbi sa pambansa, siyentipiko at demokratikong interes ng mamamayan. Magiging libre para sa lahat ang edukasyon sa lahat ng antas, nakabatay sa kakayahan at nang walang anumang diskriminasyong dulot ng pinanggalingang mababang uri sa kabuhayan, etnisidad, lahi, relihiyon, pananampalataya o kasarian. Papawiin ang maka-imperyalista, pyudalista, pasista at iba pang mapaminsalang pananaw at maling impormasyon sa mga kurso at materyales sa pag-aaral sa agham panlipunan, pilosopiya, abugasya, sining at panitikan at iba pa.

### *9. Igalang ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga pambansang minorya!*

Ang lahat ng mga pambansang minorya sa Pilipinas ay may karapatan sa pagpapasya sa sarili, kabilang ang awtonomiyang panrehiyon at ang karapatang humiwalay. May karapatan silang itakda ang sariling patutunguhan; palayain ang kanilang sarili mula sa pambansang pang-aapi, pagsasamantala, sobinismo, rasismo at diskriminasyon; kamtin ang demokrasya; at kamtin ang lahatang-panig na panlipunang pag-unlad. Palaging itataguyod ng Partido at demokratikong gubyernong bayan ang pambansa at demokratikong karapatan ng mga pambansang minorya. Hihikayatin ang mga pambansang minorya na akuin ang karapat-dapat nilang papel at lugar sa pambansa-demokratikong estado at tatanggap sila ng mga espesyal na konsiderasyon dahil sa napakatinding pang-aapi at pagsasamantala na

kaytagal na nilang dinanas sa kamay ng kolonyalismong Espanyol, ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryong uri.

Pinamumunuan ng Partido ang pakikibaka laban sa pambansang pang-aapi. Kinakailangang palakasin ang rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng mga pambansang minorya at itaguyod ang pagkakaisa, pagtutulungan at koordinasyon. Isang bagong tipo ng pamumuno, na isang rebolusyonaryong pamumuno, ang dapat hikayating sumibol mula sa hanay ng mga pambansang minorya upang palitan ang tradisyunal na pamumuno na hindi lamang nabigong ipaglaban ang kanilang mga karapatan, bagkus ay lumahok pa sa pagsasamantala sa kanila. Dapat magpasulpot ng mga kadre ng Partido at ng rebolusyon mula sa hanay ng mga pambansang minorya.

***10. Pagtibayin ang patakarang panlabas na aktibo, malaya at mapagmahal-sa-kapayapaan!***

Sa pamamagitan ng iba't ibang pormasyong rebolusyonaryo at progresibo, nagpupunyagi ang Partido na paunlarin ang pinakamalawak na maaaring pakikipag-ugnayang internasyunal ng pagkakaisang anti-imperyalista, pakikipagsuportahan at pakikipagtulungan sa lahat ng pwersa – maging mga partido, kilusan, institusyon o gubyerno man ang mga ito – sa ibang bansa. May matinding pangangailangan para sa pinakamalaki at pinakamalawak na suportang moral at materyal mula sa ibang bansa upang makamtan ang ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan laban sa mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo.

Sa pagkakatatag nito, ipapawalambisa ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas (DRBP) sa ilalim ng pamumuno ng Partido ang lahat ng di-pantay na tratado, kasunduan at kaayusan sa US, Japan at iba pang mga imperyalista at magpoproklama ng aktibo, malaya at mapagmahal-sa-kapayapaang patakarang panlabas na nakabatay sa pambansang soberanya ng mamamayang Pilipino at katugma ng prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay sa lahat ng bansa anuman ang ideolohiya o panlipunang sistema ng mga ito. Magpapanatili ang Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas ng normal na relasyong diplomatiko at pangkalakalan sa ibang bansa.

Proletaryong internasyunalismo ang mamamayaning prinsipyo ng panlabas na pakikipag-ugnayan ng Pilipinas. Ang DRBP ay magiging instrumento sa pagbubuo ng sosyalismo, pagkakaroon ng pinakamahigpit na ugnayan sa ibang sosyalistang bansa at susuporta sa lahat ng posible at angkop na paraan sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at ng mamamayan ng daigdig.

Upang maisakatuparan ang naturang sampung punto ng Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan, kinakailangang pana-panahong magtakda ang Partido ng mga partikular na panawagan at partikular na tungkulin alinsunod sa mga kongkretong kalagayan; kailangan nitong palaging matamang isaalang-alang ang kagustuhan ng mamamayan para sa rebolusyonaryong pagbabago at magtukoy ng mga pamamaraan upang maitaas at maisulong ang antas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Malinaw ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon. Gayundin ang sosyalistang perspektiba. Sa pamamagitan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, natatanaw ng PKP na tatagal nang isang buong epoka ng kasaysayan ang pagbubuo ng sosyalismo. Tiwala ang Partido na ang teorya at praktika ni Mao hinggil sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay gagabay dito sa konsolidasyon ng sosyalismo, pagbaka sa rebisyunismo at paghadlang sa

panunumbalik ng kapitalismo hanggang sa magapi ng mamamayan ng buong daigdig ang imperyalismo at maisakatuparan ang ultimong layunin ng komunismo.

***Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!***
***Isulong ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan!***
***Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!***
***Tagumpay sa mamamayang Pilipino!***
***Mabuhay ang pandaigdigang proletaryo-sosyalistang rebolusyon!***

###